UNIVERSITY OF THE PHILIPPINES
LIBRARY
MAY 1 1 1957



MGA KANDIDATO SA PANGULUHAN
Pah. 23

Sa Isang Pakwanan ...
Pah. 6

Magasin ng BAGONG Buhay

Mayo 12, 1957

Pangulong Carlos P. Garcia

"Si Carlos P. Garcia (ako), kagaya ni Ramon Magsaysay ay kaibigan ninyo (ang maliliit) at tapat na nagmamahal sa inyo."

SANGKAP NA NAGPAPABABA NG LAGNAT SA

BAGONG PORMULA MAY TATLUHANG BISA

CAFIASPIRINA

HIGIT NA MABISA KAYSA "KABABALAGHANG LUNAS"

Pagsubok na ginawa sa 150 Amerikanong Abiador ay nagpatunay sa kabilisan ng CAFIASPIRINA sa pagpapababa ng lagnat!

Mga pagsubok sa klinika na ginawa sa isang himpilan ng paliparan sa Estados Unidos sa 150 Aviador na binabagabag ng Influenza, bronkitis at sipon, ay nagpatunay na ang tampok na sangkap ng bagong Cafiaspirina ay pinabababa ang lagnat ng lalong mabilis kaysa mga tinatawag na kababalaghang lunas o "antibiotico." Ang kinalabasan ng pagsubok ay nagsasaad din na walang masamang bungang naidudulot, na paminsan-minsan kaagibat ng "antibiotico."

Ang Cafiaspirina ay nagdudulot ng hindi lamang isa kundi dalawang nagkakabisang pamawi ng kirot at saka ikatlong sangkap na dagling nagpapaginhawa sa panghihina, na laging kaagibat ng lagnat, kirot at sipon. Itong tatlong sangkap na "panlaban sa kirot" ay samasamang nagkakabisa, animo hatol ng munggagamot, nagdudulot ng dagli at banayad na ginhawa. At bago ninyo namalayan, ang kirot at sakit ay napawi na pati ang pamimigat ng katawan na laging kaagibat ng sipon, lagnat o sakit ng ulo.

Upang masugpu ang lagnat o sipon at muling sumigla...

Laging lumunok ng

BAGONG PORMULA MAY TATLUHANG BISA

CAFIASPIRINA

3-KAGILAGILALAS NA "PANLABAN SA KIROT" SA BAWA'T TABLETA!

21-3

Manuel P. Manahan
Dating Komisyonado ng Aduwana

"...ang lalaking makatutugon sa pangangailangang nilikha ng wala sa panahong pagyao ng Pangulong Magsaysay," ayon sa mga tagapagtaguyod.



Senador Fernando Lopez

Naghihintay nang may pagtitiwala sa panahon ukol sa mga balak sa pulitika.

SINO

KUNG IPALALAGAY nating hindi naganap ang malubhang sakuna ng "Mt. Pinatubo" at ang Presidente Ramon Magsaysay ay hindi namatay, masasabing sa mga panahong ito'y "tapos na ang eleksiyong gaganapin sa Nobyembre, 1957". At batay sa naging reaksiyon ng sambayanang Pilipino at ng Malayang Daigdig sa trahedya, tiyak, ang Pangulong Magsaysay ang halal uling Pangulo!

Nguni't naganap nga ang aksidente at ang Pangulo'y nasawi. Nagbago ang takbo ng pulitika sa buong bansa. Ang "labanang" maituturing nating tapos na ay sumiklab. Dumami nang dumami ang pumagitna sa larangan ng panguluhan para sa halalang darating. Habang nalalapit ang Nobyembre,

Alkalde Arsenio H. Lacson

"Wala pang Bisayang umurong sa isang mabuting labanan!"

MAGASIN NG BAGONG Buhay

Lumalabas tuwing Lingco ng umaga na kalakip ng pahayagang BAGONG BUHAY.

Tanggapan at pasulatan: 209 Sampaloc Avenue, Lunsod Quezon.

Namamatnugot: EDDIE RAÑOLA

Kagawad: GREGORIO R. FLORENCIO Sa sining: PETE VENEZUELA

Senador Gil J. Puyat

Trabaho para sa mga walang trabaho?

Jose Yulo

Nag-iisang "manok" ng Liberal sa kasalukuyan?

SA KANILA...?

Senador Cipriano P. Primicias

"Ang tungkulin ang dapat humanap sa manunungkulan at hindi ang manunungkulan ang hahanap sa tungkulin."

1957 ay umiinit nang umiinit ang pagkilos ng lumantad nang mga aspirante sa pagka-presidente.

Maaaring noong hindi pa yumayao ang Pangulong Magsaysay ay may tangka na silang kumandidato. Nguni't kung bakit matapos lamang bumagsak ang "Mt. Pinatubo" saka sila lumantad o "nalantad" ay naging ugat ng malalalim na katanungan para sa bayang manghahalal. Ang katapatan kaya ng kanilang hangaring maging Pangulo ng Pilipinas ay humahangga lamang sa isang Magsaysay? Tahasan kayang nanganganino sila sa Pangulong Magsaysay? O, dahil sa kanilang pagtingin at pagpapahalaga sa yumaong Pangulo ay hindi nila naatim na "banggain" ito sa pamamagitan ng balota ni Huwan de la Krus? Hindi kaya ang pagkandidato ng ilan sa kanila ay istratehiyang pampulitika lamang upang gumawa ng pangalan para naman sa "labanan" sa dako pa roon? Hindi kaya ang kanilang paglantad na kakandidato sa pagka-presidente ay may ibang layunin? (Maaaring ipangalakal ang isang kandidatura lalo na kung ang kandidatong kinauukulan ay maraming kapañalig na kailangan naman ng isa sa kanyang mga kalaban. Halimbawa, kumandidato si Ganoon at nagkaroon siya ng mga tagapagtaguyod. Nguni't napatunayan ni Ganoon na sa kabila ng bilang ng kanyang mga tagatangkilik ay matatalo rin siya. Hindi malayong iurong ang kanyang kandidatura at ialok kay Ganito (kalabang kandidato) ang mga kapanalig sa kasunduang kapag lumabas ito'y bibigyan siya ng mataas-taas na puwesto). Ilan sa kanila ang may sadyang tapat at malinis na hangarin sa bayan?

Tutoo ngang maraming naghahangad na maluklok sa panguluhan. At ito'y malaking suliranin kay Huwan de la Krus. Nguni't hindi sila masisisi. Tutoo ring bukod sa kanilang hangarin ay maraming nag-uudyok sa kanila. Nguni't ito ang dapat isipin ng mga nagsisikandidato: ang mga nagnudyok sa kanila ay kalimitang mga taong nagmamalasakit sa kanila na maliit na bahagi lamang ng bayang manghahalal. Ang bayan ang magtatakda ng kanilang kapalaran! —GRF

Senador Jose P. Laurel, Ama

Hindi pagigitna sa "larangan" hangga't hindi natatapos ang kombensiyon.



Senador Quintin Paredes

Paboritong anak ng Abra. Ayon sa mga tagapagtaguyod, malaki ang pag-asang manalo sa panguluhan bilang independiyente.

Senador Claro M. Recto

"Dahil sa dami ng makakalaban, hindi magiging mahirap ang tagumpay!"

Hukom Antonio Quirino

"...hindi ko kailangan ang pagtataguyod ng aking Lapian sa dahilang ang maliliit na mamamayan ang siyang magdadala sa akin sa puwestong pampanguluhan."

BOSCH Spark Plugs
For decades approved by millions
PETER TRADING CO., LTD.
Authorized Sales & Service Agents For ROBERT BOSCH GMBH GERMANY
ANDA, INTRAMUROS • MANILA • TEL. 3-61-87
BOSCH SERVICE

ANG MGA KANDIDATO SA PANGULUHAN

Si Alkalde Arsenio H. Lacson ng Maynila, sa isang panayam pang-himpapawid sa Lunsod ng Iloilo, ay nagbigay ng kanyang mga kuru-kuro hinggil sa mga kandidato sa pagka-pangulo ng bansa. Tungkol sa Pangulong Garcia, sinabi niyang, "hindi niya alam ang paraan ng mabuting pamamahala."

Si Senador Jose P. Laurel, ayon sa kanya, ay "matanda na at masasaktin."

Pagbibigay-puna sa dating Komisyonado ng Adwana, na ibinunsod kumandidato ng maraming mamamayan, sinabi ni Lacson na ito'y "mabuti, marangal na pinuno... rguni't wala pang karanasan."

Maaaring pagtiwalaan ang mga kuru-kuro ni Alkalde Lacson. Lamang, tila nalimutan niyang bigyang-puna ang kanyang sarili.

PITONG PALSIPIKADOR

Isang pangkat ng mga manghuhuwad ang sumakamay ng batas noong Abril 30. Sa pamumuno ni *Major* Enrique Morales, nadakip ang pitong magkakasapakat na kinabibilangan ng *mastermind*, at ginagamit sa panghuhuwad ng 50, 20 at 10 sentimos.

Sa raket na ito nghuhuwad, kumikita sona nang milyun-milyon ang mga palsipikador nang walang gaanong pagod. Ang hirap lamang, hindi nila naisasaisip na ang hinuhuwad nilang mga salaping papel ay hindi tinatanggap na piyansa kung sila'y mangadakip.

₱12 MILYONG 'LOBBY'

May ₱12 milyon ang umano'y tinanggap ng ilang kilalang mga pulitiko upang ibimbin ang pagpapauwi sa mga Intsik na naninirahan sa Pilipinas. Sa mga pagsisiyasat, nabatid na may mga taong maaaring makapagturo sa mga naturang pulitiko.

Kung tutoong may mataas na taong nasasangkot, bakit hindi tahasang ituro ng mga nakakikilala sa kanila upang malapatan ng karampatang parusa? Nabimbin na ang pagpapabalik sa mga Intsik sa kanilang bansa; hindi na dapat mabimbin ang paglalahad sa bayan ng katotohanan.

HANGAD ITIWALAG SINA LACSON, BENGSON

Namimintong itiwalag sina Alkalde Arsenio H. Lacson ng Maynila at Kong. Mario P. Bengson (N-Pangasinan) sa lapiang Nasyonalista; dahil sa sumbong ng tatlong kongresista laban sa dalawa, na sila'y mga taksil sa partido. Ang sumbong ay iniharap sa pulong ng Pambansang Lupong Tagapagpaganap ng NP.

Ang paratang na kataksilan sa partido ay ipinagkibit lamang ng balikat ng mga pinaratangan. Ayon kay Lacson: "Sino ang dalawang *misrepresentateng* ito ng Maynila na makapag-uutos sa akin na magpaliwanag sa katapatan ko sa partido? Halatang-halata ang dalawang ito sa kanilang layunin. Nais nilang sila ang makapagbagong-tatag sa partido upang makabalik sila uli sa kanilang itlugang pugad ng tanggapang bayan na kanilang sinasandigang tulad ng mga inahing manok."

Ayon naman kay Bengson: "Hindi ngayon lamang tinangka ng ilan kong mga kapanalig na may balat-sibuyas upang usigin ako at ipatiwalag sa laplan. Tahasan kong sinasabi ngayon na ang

(Sundan sa pah. 31)

Isang Kaugaliang Pilipino...

Ang panahon ng ani sa Pilipinas ay isang pagkakataon na laging ipinagdiriwang. Sa lahat ng dako ay may magkakaibang paraan ng pagdiriwang nito. Sa nayon ng Himas, Leyte, ay nagdaraos ng kapistahan sa pagdiriwang ng masaganang ani. Isang pambihirang seremonyang kinaugalian nang gawin sa loob ng maraming salin ng lahi at hindi pa nabebago ng kaugaliang Kristiyano, ang idinaraos. Ang puno ng seremonya ay naglalagay ng matingkad na pulang turban sa kanyang ulo at nagsasayaw na may hawak na punyal sa kanyang mga kamay sa saliw ng mga gitara. Pagkatapos ay humihiga siya sa lupa at bubulung-bulong. Namamalangin siya sa ngalan ng mga magsasaka, na nagpapasalamat sa mga "anitos" (duwende) sa mga puno, sa langit, lupa at mga lawa dahil sa masaganang ani.

Lubos na matanda kaysa maraming kaugaliang Pilipinong umiiral hanggang ngayon ay ang paghahandog at pag-inom ng—

GINEBRA SAN MIGUEL

"Ang Kinagigiliwang Hinebra Buhat Pa Noong 1834!"

Sa loob ng mahigit na isang daang taon, GINEBRA SAN MIGUEL ang paboritong hinebra sa Pilipinas. Ito ang nakapagdulot ng higit na kasiyahan sa lalong maraming kapistahan at mga pagtitipon sa nayon at bayan sa buong kapuluan sapagka't nag-iibayo ang sarap ng mga inumin kung may GINEBRA SAN MIGUEL.

isang produkto ng

LA TONDEÑA, INC.

MAKINIG SA:

"Edong Mapangarap" sa DZFM, Martes, ika-8:00-8:45 ng gabi: "Mga Kuwento ni Lola Basyang" sa DZPI, Biyernes, ika-8:00-8:30 ng gabi: "La Tondeña Grand Amateur Contest" sa DZBB, Linggo, ika-5:30-6:30 ng gabi.

Mga Sulat Sa Editor...

Natatandaan ko po na ang yumaong manunulat at kuwentistang si Pablo N. Bautista ay malimit maglathala ng mga kuwento sa inyong magasin noong hindi pa siya nagtatrabaho sa "Liwayway". Hinahangaan po namin siya bilang isang manunulat. Sayang nga lamang at maaga siyang inagaw ng kamatayan sa panitikang tagalog. Maaari po bang ilathala ninyo ang kanyang talambuhay? Sa palagay namin ay maganda ang kanyang kasaysayan. — *Genoveva Santos, Malolos, Bulakan.*

Kami man ho ay tagahanga rin ni Pabling. At labis din naming ikinalulungkot ang wala sa panahong pagkamatay niya. Hayaan ninyo't sisikapin naming mailathala ang kanyang talambuhay, kung magagawa namin. —Ed.

Napapansin po naming maganda ngayon ang inyong magasin at lalong maiinam ang mga nilalaman kaysa sa mga naka-

(*Sundan sa pah.* 20)



Graduates?

Saan kayo patutungo, mga tapos ng mataas na paaralan?

Ang pamimili ng isang karera ay malaking suliranin sa mga nagtapos ng mataas na paaralan. Ilang mapapalad na lalaki at babae ang nakatiyak na kung saan sila patutungo, subali't ang nakararami ay nkay ng suliranin kung magpapatuloy sila o hindi at kung aling karera ang kukunin. Sa kasamaang palad, salat tayo sa mapagkukunan ng payong sukat panaligan ng mga nagtapos na kabataan.

Upang matulungan ang mga tapos ng "high school" na magpasiya kung anong karera ang dapat kunin, ang NATIONAL LIFE INSURANCE COMPANY OF THE PHILIPPINES ay naghanda ng isang aklat na ipinamamahagi nang **walang bayad** sa sinumang nangangailangan nito. Ito ay nagtataglay ng mga payong lubhang kapaki-pakinabang ukol sa iba't ibang kolehiyo at pagkakataong makapaghanapbuhay sakaling makatapos na.

MGA TAPOS NG "HIGH SCHOOL"!

Humingi ng sipi ng maliit na aklat na ito ng National Life na pinamagatang "QUO VADIS, HIGH SCHOOL GRADUATES?" **Walang Bayad Ito** — na sadyang inihanda ng National Life. Sumulat, lakipan ng selyong 10 sts. ukol sa koreo, sa: NATIONAL LIFE, P. O. Box 1395, Maynila.

NATIONAL LIFE
INSURANCE COMPANY
OF THE PHILIPPINES
Regina Bldg., Escolta, Manila

LUMIHAM NGA'Y ON UKOL SA WALANG BAYAD NA AKLAT NA ITO

Pinatitingnan ni Josefino kay Marivi kung husto na sa gulang ang pinaniguha nilang mga pakwan. "Sa tantiya ko'y hinog na..." sabi naman ni Violeta, kapatid ni Marivi.

Dinala ng tatlo ang napili nilang mga pakwan sa pahingahang kalapit ng pakwanan. Nilagyan ng kala ni Josefino ang isa at tila nagpaparangalang ipinakita sa dalawa ang pambihirang kapuluhan niyon. "Sigi... biyakin mo na," tila natatakam nang sabi naman ni Marivi.

PAKWAN...

KUNG ganitong buwan ng Mayo, ang pakwan ay nagiging palamuti sa ating mga hapag.

Kung ganitong panahon, ang pakwan ay dagsa sa mga pamilihan. Bihirang ginang ng tahanan ang di may uwing pakwan para sa kanilang hapag-kainan. Talagang masarap ang pakwan ... at ito'y kinagigiliwang kainin ng marami.

Subali't bihira marahil ang nakababatid kung paano itinatanim at tumutubo ang pakwan.

Ayon kay G. Melecio Josef, may-ari ng pakwanang pinagkunan ng mga larawang kalakip nito, buwan ng Disyembre kung itanim ang pakwan. Nguni't kung sa buwang ito ay lubhang maulan, sa Enero na ang kanilang pagtatanim. Ang pakwan ay tumutubo sa mga lugar na hindi lubhang tinitigilan ng tubig, nguni't hindi rin naman sa mga pook na tuyung-tuyo.

Ang lupang pinagtatamnan ng pakwan ay nilalagyan ng mga hukay at pagkatapos ay hinuhulugan ng mga 4 hanggang 6 na buto o binhi. Iyan ang dami ng inihuhulog sa bawa't hukay pagka't kalimita'y 2 o 3 lamang ang sumusupang.

Humigit-kumulang sa 3 buwan ang ipinaghihintay bago maani ang bunga ng pakwan. Ang tagal na iyan ay siyang kainaman upang masahang hinog na at matamis ang aanihing pakwan.

Ayon kay G. Josef, ang mga bunga ng pakwan ay masasabing hinog na kung ang maliliit na dahong pinakamalapit sa bunga ay tuyo na. Nakikilala naman ng iba ang hinog nang pakwan sa pamamagitan lamang ng pagpitik. Samantalang ang iba, na sanay na o bihasa sa pagtingin sa pakwan, ay sa tingin na lamang dinadaan ang pagtantiya kung hinog na ito.

Sa mga larawang kalakip nito ay mapatutunayan ang pang-akit ng pakwan, lalo na sa kabataan. Ilang dalaga't binata ang nagkatuwaan sa pamimitas ng pakwan, at nagtamasa sila ng kasiya-siyang mga sandali...

Upang lalong magkasarapan sa pagkain ng pakwan, inanyayahan nila ang mga kaibigang sina Arsenia Siasoco at Fe Santos upang makisalo sa kanilang piknik. "Hmmm... kung ganito katamis ang pakwan, makauubos ako nang kahit ilan! pabirong sabi ni Fe, at sila'y nagkatawanan.

Nang magsipagsawa na sa pagkain ng pakwan, masisiglang nagsilakad nang pauwi ang tatlo. Nagdala pa sila ng ilang pakwan upang maiuwi sa kanilang mga magulang at kapatid. "Hindi ko malilimot ang araw na ito..." ang wika ni Violeta, na nakabakas pa sa mukha ang malabis na kagalakan sa tinamasa nilang kasiya-siyang mga sandali.

Sa mga bakas ni Magsaysay

SIYA... AT ANG ISANG SALANTA



Masiglang nakangiti ang naging Unang Ginang Luz Banzon Magsaysay habang ikinakabit ang laso sa dibdib ng kanyang yumaong kabiyak. Ang naging Pangulong Magsaysay ay tumanggap ng maraming parangal sa loob ng mahigit lamang na tatlong taong panunungkulan dahil sa pambihirang paglilingkod sa bayan.

ni Carlos C. Marcelo

Sa pagkampanya noong 1953 ay nakarating si RM hanggang sa pinakaliblib na mga nayon sa Kapuluan. Saan man siya magtungo ay pinagkakalipumpunan siya ng napakaraming taong nananabik makakita at makakamay sa kanya, tulad ng pinatutunayan ng larawang itong kuha sa Bulan, Sorsogon.

SA kauna-unahang pagkakataon sa kasaysayan ng Pilipinas, binuksan ng naging Pangulong Ramon Magsaysay ang mga pinto ng Malakanyang sa lahat ng mamamayan — sa mga mamamayang nabibilang sa iba't ibang antas ng lipunan.

Ang Malakanyang na naging tahanan ng mga Gobernador Heneral at ng naunang mga Pangulo ng Republika sa nakaraang may tatlong daang taon ay nagkaroon ng bagong katawagan: Palasyo ng Bayan.

Libu-libong mamamayan, karamihan ay mga dukha, ang nakapaglabas-masok sa Malakanyang sa panahon ng panunungkulan ni RM.

At ayon kay Monsinyor Egidio Vagnozzi, kinatawan ng Papa sa Pilipinas, sinabi ni RM samantalang namamahinga sa yateng pampanguluhan noong 1954:

"Ang mga taong ito'y nagugutom at nagsasalat. Hindi ko alam kung ano ang magagawa ko sa kanila ngayon, ni hindi ko alam kung ano ang magagawa ko sa kanila sa hinaharap. Ngunit ang pinakamaliit na magagaya ko'y bigyan sila ng kasiyahang makita at makamuyan ako."

Subali't, maraming natutuliungan ang "Idolo ng Bayan" sa di-mabilang na dukhang mamamayang dumulog sa kanya. Halimbawa: Si Dominador Dalag Cariaga, 29, ng Bintingan, Batak, Ilokos Norte.

Kay Cariaga, si RM ay isang "manunubos na sugo ng langit" na dumating nang hindi inaasahan sa kanyang buhay sa panahon ng kawalang-pag-asa.

Nang kapanayamin kamakailan ay malungkot na ipinagtapat ni Cariaga na "napaiyak ako nang marinig ko sa radyo na namatay ang Pangulong Magsaysay."

May katwirang ipamighati ni Cariaga ang pagpanaw ni RM. . .

Si Cariaga'y isinilang noong Disyembre 17, 1929 na walang paa at kaliwang kamay. Gayon man, nasanay siya sa mabibigat na gawain ng karaniwang magsasaka — nagpapastol ng kalabaw, nagtatanim ng palay, namimitas ng bunga-ng-kahoy.

Nababagot na sa buhay si Cariaga nang makilala niya si RM noong Setyembre, 1953 sa pamamagitan ng yumaong Congressman Kinatawang Ulpiano Arsadon ng Ilokos Norte. Namamahinga noon si RM sa tahanan ni Arsadon, malakas na lider pulitiko, pagkatapos ng bahay-bahay na pagkampanya.

Kababavan at kaibigan ni Arsadon, si Cariaga'y madaling nakalugdan ni RM. Nang makita ang kalagayan nito'y nangako si RM: "Bibigyan kita ng trabaho pag nahalal ako."

Umasa si Cariaga.

At nang mahalal si RM ay lumuwas sa Maynila si Cariaga, tumigil ng pag-aaral sa **North Christian College** sa Lawag, Ilokos Norte. Ibig niyang mapatunayan kung matapat sa pangako si RM.

Ngunit nabigo ang unang mga pagtatangka niyang makita si RM pagka't laging puno ng tao ang Malakanyang. Uuwi na sana siya sa lalawigan nang muli silang nagkataspo ni RM sa Pro-katedral sa San Miguel, Maynila.

Isa si RM sa mga ninong sa kasal noon nina Kinatawang Ferdinand Marcos ng Ilokos Norte at ng dating si Imelda Romualdez. Palabas na sa simbahan si RM nang makita si Cariaga.

"O, bakit narito ka?" nagtatakang tanong ni RM. "Kailan ka galing sa Ilokos?"

Ayon kay Cariaga, hindi siya nakapagsalita. Nagtaka. Hindi niya akalaing matatandaan siya ni RM pagkaraan ng ilang buwan . . at magiging gayon kagiliw sa kanya.

"Madalas na akong nagtuunta sa Malakanyang, Presidente; pero hindi ko kayo makita dahil sa karamihan ng tao."

Binigyan ni RM si Cariaga ng tanging pases at sinabi: "Magtungo ka roon bukas. Basta ipakita mo ito sa guwardiya."

Nang magtungo sa Malakanyang nang sumunod na umaga'y naratnan ni Cariaga sina Senador Emmanuel Pelaez, Senador Ruperto Kangleon at Senador Alejo Mabanag na naghihintay kay RM. Nguni't tuluy-tuloy siya sa bulwagan ng Sangguniang ng Estado.

"Kanina pa kita hinihintay . . ." ang salubong na bati ni RM kay Cariaga.

At gumawa si RM ng rekomendasyon — sulat kamay — sa noon ay Tagapamahalang Pacita Madrigal Warns ng Pangasiwaan ng Kagalingang-Bayan.

"Huwag mong ibibigay sa iba ang sulat na ito kundi kay Warns," ang bilin ni RM. "Pagkaraan ng apat na araw ay dadalaw ako sa SWA upang malaman ko kung natanggap ka o hindi.

Gaya ng dapat asahan, nagtaka si Gng. Warns nang matanggap ang sulat ni RM. At nang tanong niya kay Cariaga: "Paano ka nakilala ng Presidente?"

Noon din ay nagsimula ng paglilingkod si Cariaga sa Sangay ng Pananaliksik, mga Tala at Tanging mga Palinguran ng SWA sa pamamahala

(*Sundan sa pah. 30*)

HINDI NATUTUNAWAN?

MAGKAMIT NG TUNAY NA DAGLIANG LUNAS SA

PAMAMAGITAN NG MGA TABLETANG

PHILLIPS' MILK OF MAGNESIA

Each white tablet Magnesium Hydroxide, N.F. equ. 12-gr

Ang karne, katulad din ng gulay at isda, ay maiiluluto sa iba't ibang paraan. Ang ilan ay siyang matutunghayan sa pahinang ito ngayon...

Mga Pagkain Natin

MORKON

½ kilo ng karneng baka
¼ kilong hamon
¼ kilong baboy
¼ tasang mantika
½ ulo ng sibuyas
1 longganisa
2 itlog na nilaga (manok)
1 kutsarang suka
1 dahong laurel

Paraan ng pagluluto:

Hiwain nang palapad ang karne (nipisan ng kaunti). Ibabad sa suka at kaunting mantika sa loob ng mga 15 minuto.

Habang nakababad ang karne, ilaga ang itlog at pagkatapos ay hiwain nang maliit at kudra-kudrado. Hiwain din nang maliliit ang hamon, ang baboy, at ang longganisa.

Ilatag ang binabad na karne, ilagay ang lahat ng panlaman. Biluhin at pagkatapos ay ibalot sa malinis na damit at talian ang paligid upang huwag tumapon ang mga laman sa loob. Pakuluin sa kaserolang may kaunting toyo o asin. Iwan sa apoy hanggang sa lumambot ang karne. Pag luto na ang morkon, alisin ang damit pa nakabalot.

Ang morkon ay maaari ring ipirito. Nguni't bago ipirito ay huwag kalilimutang talian ang karne upang hindi bumuka.

Hiwain ang karne, ihanay ng katulad ng nakalarawan, at upang gumanda ang anyo ay lagyan ng kintsay sa gitna.



(Padala ni Gloria Morales ng PWU)

HAMBURGER

½ kilong karneng giniling
1 sibuyas
2 kutsarang arina
¼ tasang mantika
1 itlog
1 kutsarang toyo
paminta
asin

Paraan ng pagluluto:

Tadtaring mabuti ang sibuyas at ihalo sa giniling na karne. Ilagay ang binating itlog, ibudbod ang arina at timplahan ng toyo, asin at paminta. Paghalu-haluing mabuti ang pinagsama-samang sangkap, gumawa ng mga bola-bola at palapirin (tingnan ang hugis sa larawan).

Ipirito sa maraming mantika at hanguin kung inaakalang luto na.

Bukod sa ginagawang pang-ulam sa kanin, ang "hamburger" ay karaniwan nang ipinanlalaman sa tinapay at sinasamahan ng letsugas, kamatis at pipino. Pagkatapos ay nilalagyan ng "ketsup".

"BEEF STEAK"

3 pirasong karne
1 tasang toyo
1 patatas
2 kutsarang mantika
2 kutsarang katas ng kalamansi
1 hiniwang (pabilog) sibuyas
2 dahong letsugas at maliliit na buong repolyo

DALMAR SOFT DRINKS FACTORY
243 M. Del Pilar, Green Park 6th Ave., Caloocan, Rizal
Tel 2-11-17

Paraan ng Pagluluto:

Ibabad ang karne sa pinaghalong katas ng kalamansi at toyo nang mga sampung minuto. Samantalang naghihintay, ipirito ang patatas! Pagkatapos ay isunod ang karne.

Ilagay muna sa pinggan ang letsugas, ipatong ang karne. Igayak ang hiniwang sibuyas at piniritong patatas.

Kung sakaling nais naman ninyong maiba ang paraan ng paghahain, hanayan ng nilagang maliliit na buong repolyo at "parsley" sa gilid.





Ang Mga Unang Araw Ng Sanggol

Ang Bagong Silang:

Ang pagsilang ng isang bagong sanggol, lalo na kung siyang una, ay totoong pinananabikan at inaasam-asam. Ang mga unang pinag-uukulan ng pansin ay ang kanyang kasarian (lalaki o babae) at ang kanyang timbang. Pagkatapos nito ay ang kaniyang mukha, kulay ng mga mata, at ang tangos ng ilong. Paksa ng mga nagsisidalaw ang ihambing kung kanino kamukha ang sanggol. Karaniwan nang iilan lamang ang nagtatanong tungkol sa kanyang pag-iyak, paghinga, kulay ng mukha at mga daliri, na siyang nagsasaad ng kalusugan ng sanggol at kalagayan nito.

Sa ospital o sa pagamutan ng pagpapaanak, di kayo lubhang maaabala ng alalahaning ito. Kayo at ang inyong anak ay may malaking pagkakataong makapagpahinga at matingnang mabuti. Ayon sa mga ginagawang pagmamasid sa mga ibang bansa, natuklasang ang pagkamatay ng mga sanggol ay nababawasan ng 2/3 kung ipinangangnak sa mga ospital, sapagka't ang pangangnak dito ay siya lamang pinakamatiwasay, ligtas sa panganib, at lumalabas pang pinakamura. Kung ang nais ninyo ay manganak sa bahay, pilitin ninyong makakuha ng tulong ng isang manggagamot, nars, o komadrona. Marami pang totoong mga hilot at komadronang walang lisensiya na nagpapanggap ng kahusayang magpaanak dahil sa kanilang matagal nang karanasan. Lahat na ay ginagawa upang mapalitan ang ganitong mangbihilot ng mga bihasang nars.

Pagkatapos isilang ang sanggol, ito'y dapat umiyak ng malakas upang lumaki ang baga. Ang unang iyak ay kailangang-kailangan. Ang pangkaraniwang timbang ng isang sanggol sa panganganak ay mula sa 6½ hanggang 7 libra. Ang haba niya ay mga 19 na pulgada, ang kabilugan ng ulo ay 14 na pulgada, at ang dibdib ay 13½ pulgada naman. Ang kulay niya ay rosas na matingkad at nababalutan ng sebo. Marami siyang pinung-pinong buhok sa buong katawan na tinatawag na lanugo.

Maraming mga sanggol ang magkakalagnat sa ikalawa o ikatlong araw (dehydration fever) nguni't ito'y di dapat makabalisa sa inyo. Ang sanhi nito ay ang pagsingaw ng tubig sa balat ng bata, at paglihi at pagdumi. Ang lagnat na ito ay nawawala pagkatapos makainom ang sanggol. Sa ikatlo hanggang sa ikasampung araw, ang sanggol ay maaari ring manilaw (physiologic jaundice) at ang dahilan nito ay ang pagkawala ng mga pulang sangkap ng dugo na kailangan ng sanggol nang ito'y na sa tiyan pa ng ina. Kung ang paninilaw ay matingkad at pangmatagalan, kailangan

na itong makita ng manggagamot. Sa panahong ito karaniwan nang mamamaga ang mga suso na kung minsan ay may gatas pa (witch's milk) Huwag hihipuin o hihilutin ang namamagang suso ng sanggol. Ito'y iimpis din makaraan ang ilang araw. Kung minsan din, may lumalabas na kaunting dugo sa maselang na bahagi ng sanggol, ito rin ay karaniwan at panandalian lamang. Ang mga pangyayaring ito ay buhat sa mga lumalabas sa ina na naiwan sa katawan ng bata sa pamamagitan ng inunan. Ang mga lumalabas na ito sa sanggol ay nawawala naman pagkaraan ng ilang araw. Ang ilang sanggol ay dumuduwal o lumulungad, nguni't nawawala rin pagkatapos na matutong tumanggap ng pagkain ang tiyan ng bata.

Kung ibig ninyong ang inyong sanggol ay tuliin, ang pinakamabuti ay ipatuli na siya hanggang na sa ospital pa kayo. Ang sugat ay gagaling pagkaraan ng dalawa hanggang limang araw lamang. Maiiwasan sa maagang pagtuli ang pag-iisip ng sakit kung ang bata ay malaki na. Nagiging lalong mahirap ang pagtuli sa bata kung ito'y isang taon hanggang anim na taon. Sa kabilang dako kung ibig din ninyong pabutasan ang tainga ng inyong anak na babae, na siyang gawi rito sa atin; bayan, mabuti na rin na siya ay pabutasan hanggang maaga pa sapagka't ang pingol ng bata ay malambot pa at hindi pa niya mahihila ang sinulid sa butas.

Marahil ay narinig na ninyo ang bakunang BCG laban sa tisis. Ito'y itatagubilin sa bagong silang na sanggol habang ang bata ay hindi pa nahahawahan.

Ang mga unang araw ng bata ay nararapat na maging tahimik at matiwasay. Kung ito ay walang dinaramdam, ito'y laging natutulog at iiyak la-

Masdan...

25-2

ANG DAIGDIG SA PAMAMAGITAN NG MALINAW AT MAGAGANDANG MGA MATA

ANG ARAW-ARAW NA PAGGAMIT NG ILANG PATAK NG

EYE-MO

AY NAGDUDULOT NG KABABALAGHAN SA INYONG MGA MATA

1 Fl. oz. Contains: Chlorobutanol 1 gr., Boric Acid 10 gr., Berberine Sulphate 1/8 gr., Zinc Sulphate 1/4 gr.

(Sundan sa pah. 20)

Tabas-payong ang maluluwang na palda ng ginuhitang damit na ito. "V" ang leeg at manggas na "dolman" naman ang yari ng pang-itaas. Ang biyak na mula sa itaas hanggang ibaba ay nilagyan ng "bias" at tinampukan din ng mga butones.

"Checkered" na poplin na may maluwang na palda, malalim na leeg, at laso ang makikitang nakalarawan. Madaling labhan at hindi gusutin ang telang ito. Ang "simpleng-simple" at "eyelet" na bolero ay tinahian din ng "piping" upang makaterno ng damit

"Rayon chiffon" na may mga patak na puti ang tela ng kasuotang nakalarawan. Ang pang-itaas ay nilagyan ng "sissy ruffles" at "pleats" ang sa palda.

Mga Damit na Panglakad

Ang tabas ng damit, maging panlalaki o pambabae, ay pabagu-bagong katulad ng panahon. Subali't ang isang bagay na ating natitiyak, makalipas ang mahaba-haba ring mga araw ay muling manunumbalik ang ilang bakas ng nakalipas. Sa kasuotan ng mga babae, masasabi natin na hindi naman sadyang bago ang modang umiiral kundi bunga lamang ng pinagsama-samang bungang-isip na hinalaw sa mga tabas noong mga nagdaang araw. May tabas na dinaragdagan, may binabawasan at may mga pinagtatambal, atbp. Ginagawa ang mga iyon upang magkaroon ng pagbabago kahit kaunti, at sa gayong paraan ay masisiyahan ang ating mga pangingin at kalooban.

ANG IBA'T IBANG TABAS NG PANG-IBABA O PALDA AY MAAARING MASUOTAN NG PANG-ITAAS NA *"H" LINE* SUBALI'T LALONG ANGKOP AT MAGANDANG TINGNAN KUNG ANG MGA YARING ITO AY SA MAKIKIPOT NA PALDA AT "TORRERO O JEANS" IPANG-IITAAS.

Magagandang Tabas ng "H" Line

Ang linis na telang ginamit ay nilagyan ng kumbinasyong "checkered" na itinahi nang nakababa ng kaunti sa balikat o "off-shoulder". "Bias" ang nakapaligid sa ibaba at pagkatapos ay nilagyan ng butones. Mapapansin na maaaring malagyan ng panyo bilang palamuti ang "bias" sa gawing ibaba.

ANG TELANG LALONG BAGAY NA GAMITIN SA TABAS NA ITO AY YAONG MAY KAKAPALAN NG KAUNTI, SUBALI'T YAONG HINDI LUBHANG MATIGAS AT HINDI RIN NAMAN NAPAKALAMBOT.

"Dolman" ang manggas ng "H" line na ito at kuwadrado naman ang leeg. Nilagyan ng salupel sa may dibdib upang makatumbas ng "bias" na nakapaligid sa ibaba.



***Ang "H" line* na ito ay nilagyan ng "pintucks". "Standing collar" at "tailored" ang manggas, at tinahian ng "bias" sa may dibdib at sa gawing ibaba.**

"Sabrina cut" ang leeg ng blusang ito at makitid lamang ang manggas. Kinabitan ng sinturera at may kalaparan ng sinturon.

Pakikipanayam (Daw)

ni Mario Nieves

"Huwan, Lumahok Ka Sa Pulitika," Ang Sabi Ni Senador Bigatin

TAAS-NOO sa paglakad si Senador Bigatin, palibhasa'y batid niyang naging mabuti siya sa panunungkulan. Gayon man, wala na siyang tangkang muling kumandidato sa darating na halalan. Handa na siyang magretiro.

Nguni't hindi pababayaan ni Senador Bigatin na mapasalin ang kanyang puwesto, o ang ibang mabuting puwesto, sa mga kamay ng hindi mahusay maglingkod. Aniya sa mga nasasalubong: "Lumahok kayo sa pulitika."

Nagkataong ang inyong lingkod ay isa sa kanyang mga napagsabihan. At, ito ang kinalabasan ng usapan:

T. Ano po ang kabutihang maidudulot sa akin ng paglahok ko sa pulitika?

S. **Madalas kong marinig na ang karamihan daw sa mga pulitiko natin ay hindi marunong magsiugit sa pamahalaan.**

T. Iyan po ang tutoo. Pero, wala na akong magagawa... kaya, hindi po ba mabuti ang manahimik na lamang ako?

S. **Hindi totoong wala kang magagawa. Marami kang magagawa. At dapat kang gumawa pagka't, pag nanahimik ka, lalong magkakaroon ng pagkakataong magsamantala ang ilang pulitiko. At lalong dudumi ang pamahalaan. Lalong lalaganap ang mga katiwalian.**

T. Ano po ang magagawa ko?

S. **Malaplt na ang halalan. Mababago mo ang takbo ng mga pangyayari kung ikaw ay boboto.**

T. Tila po imposibleng magkaroon tayo ng matatapat at mabubuting pulitiko, hindi po ba?

S. **Iho, ako'y pulitiko. At isang mabuting pulitiko. Nguni't kung ang ibig mong tukuyin ay lahat o nakararami sa mga pulitiko, may kahirapan nga.**

T. Sa palagay po kaya ninyo'y may magagawa ang aking isang boto upang mapalitan ang mga mapagsamantalang pulitiko?

S. **Kung ang bawa't mamamayan ay mag-iisip nang katulad mo, ketoong napakarami ang hindi boboto. At ang mangyayari, mapapasa-atin ang uri ng pamahalaang hindi natin ibig.**

T. Ano pong kasamaan ang magagawa ng hindi ko paglahok sa halalan?

S. **Kapag hindi ka lumahok, kapag pinabayaan mong magpatuloy ang paraan ng pamumulitika ng iba, lalong sasama ang ating pamahalaan.**

T. Ano po ba ang kaugnayan ng isang tulad ko sa pamahalaan?

S. **Ang takbo ng pamahalaan ay nakabatay sa nais ng mga mamamayan na kinabibilangan mo. Nasa inyo ang lakas.**

T. Sakali pong hindi ako makialam?

S. **Mapapahamak ang ating pamahalaan.**

T. Bakit po?

S. **Kumuha tayo ng mabuting halimbawa: Sa Tsina, batid ng mga mamamayan na mahina at masama ang pamahalaan. Walang ginawa ang mga mamamayang iyon upang mapabuti ang pamamalakad ng nangagsisiugit. Ang nangyayari — kumalat ang komunismo. Ang hindi nila pagtupad sa mga tungkulin sa isang demokratikong bansa ay naglibing sa kanilang kalayaan at mga karapatan.**

T. Maganap po kaya sa bayan natin ang gayon?

S. **Maaari. Ang pagiaganap ng mga mapanligalig ay isang katunayan.**

T. Kung ang pinag-uugatan po niyan ay masamang pamamahala, paano po natin mapabubuti ang ating pamahalaan?

S. **Ang karumhan ngayon sa pulitika ay magagamot lamang ng higit na pamumulitika... ng malinis na pamumulitika.**

T. Ano po bang talaga ang kahulugan ng salitang pulitika?

S. **Ang "pulitika" ay nangangahulugan ng sama-samang pagkilos upang maiteguyod ang isang layunin.**

T. Kung gayon po, ang pulitika ay halos singkahulugan na ng mga lapian. Ang mga lapian ang nagtataguyod ng mga layunin ng bayan, ano po?

S. **Marami ngang nagagawa ang mga lapian, nguni't hindi lahat ay nagsasalig diyan. Higit na malaki ang nagagawa ng mga pangkat ng karaniwang mamamayan, ng mga manggawa, ng mga babae, ng mga mag-aaral.**

T. Ano po ang ginagawa nila?

S. **Sila ang nagsasagawa ng mga bagay-bagay... sila ang naghahalal ng mga kandidatong dapat manungkulan na siyang magtataguyod ng kanilang mga panuntunan, magpapatibay ng mga panukalang-batas, at maglalaan ng pondo ng bansa.**

T. Mabalik po tayo sa pagboto. Ano po ang magagawa ng aking isang boto?

S. **Ang iyong boto at ang mga boto ng ibang mamamayan ay bubuo sa kapasyahan ng bayan. Kung ano ang kalabasan ng halalan, siyang kapalaran ng bayan.**

T. Paano po natin mahihikayat ang ibang mamamayan upang magsiboto?

S. **Ikaw ay isang mabuting tagahikayat. Kapag ikaw ay bumoto sa araw ng halalan, mahihikayat mo ang iyong mga kamag-anak. Mapaaalalahanan mo sila na hindi dapat masayang ang kanilang karapatang maghalal.**

T. Sa anong paraan pa po?

S. **Sa pamamagitan ng mga karatula. Madaling makahikayat ang mga karatula. Nguni't hindi yaong kumakatig sa kaninuman o sa alin mang lapian. Ang tinutukoy ko'y iyong mga karatulang magpapaalala lamang na ang lahat ay dapat bumoto.**

T. Bakit po sa kabila ng mga panghihikayat na ipinararating sa mga pahayagan at radyo, ay marami pa pong hindi nagsisiboto?

S. **Gaya ng napag-usapan na natin, may mga nagsasakalang hindi na sila kailangang bumoto dahil sa wala ring gaanong ikapagbabago sa ating gobyerno.**

T. Iyan lamang po ba?

S. **Mayroon ding nakalilimot magpatala bago dumatingang araw ng halalan. Sa ibang pagkakataon, may sadyang hindi na magpapatala sapagka't**

(*Sundan sa pah.* 20)

Naglihim si Henk

ni Flor Dahlias

"KINABUKASAN, SA HAPAG-AGAHAN, HALOS NABITIWAN KO ANG HAWAK KONG TASA DAHIL SA NABASA KO SA PAHAYAGAN..."

ANG tanging labi ng gabing iyon ay isang alaala. Isang alaalang kung hindi makapagpangiti sa akin ay nakapagpapaluha. May katotohanan kaya ang kanyang mga sinabi? Naaalaala pa kaya niya ako ngayon? Sa nalalapit kong paglalakbay-dagat, paano niya ako tatanggapin kung siya'y aking paghanapin sa kanyang kahirian, na isa sa mga bayang sinadya kong pagliwaliwan?

Mag-lika-6 na ng gabi ng Biyernes na iyon nang tumunog ang telepono sa aking silid. Ang aking kaibigang matalik ang tumawag at hinihing nivang tulungan ko siyang muling linisin ang kanyang "gift shop" sa bulwagan ng Pacific Hotel sa may Luneta na ari ng kanyang mga magulang. Naging tungkulin ko na ang tulungan siya tuwing aayusin niya ang kanyang maliit na tindahan, at sa tuwing sisimulan namin ang bagay na iyon ay laging nagkakasarapan sa pagkukuwentuhan ang dalawa.

Abala ako sa pag-aayos na di ko halos napansin ang pagtapit ng isang lalaki sa eskaparate. Nagmagandang-gabi siya sa wikang ingles at tila may ibig bilhin.

"Mayroon ba kayong gustong bilhin?" magiliw kong tanong.

"Ipagpatawad ninyo, Miss", sagot ng aking kausap, sa ingles din. "Maaaring ako'y mukhang Pilipino, ngunit hindi ako marunong ng inyong salita. Ako'y taga-Timog Malaya."

"Oh, I'm sorry," ang aking nasabi. "Mayroon ka bang ibig bilhin?" wika ko sa salitang kanyang naiintindihan.

"Wala akong ibig bilhin, ibig lang kitang pagmasdan... kanina pa kita tinitingnan, buhat nang kayo ay dumating."

"Ipagpaumanhin mo, marami pa akong gagawin!" malata, magara ang kanyang bihis, at di man kagandahang lalaki ay tunay na simpatiko.

"Alam ko kung bakit ka nagtawa —dahil sa aking pagsasalita. Bago pa lamang ako nag-aaral ng ingles, nasasabi ko man ang aking ibig sabihin ay di naman magandang pakinggang tulad nang kung ikaw ang nagsasalita."

"Madali kang matututo rito sa Maynila. Lahat dito ay makikausap mo ng ingles."

"Bukas ay wala na ako rito, Miss... maaari ko bang malaman ang iyong pangalan? Ang ngalan ko ay..." Kumuha siya ng isang tarheta at iniabot sa akin. Ito ang aking nabasa: SHAHENKUDIN TJOKRAMA. Di ko napigil ang mangiti. Kay-amo ng kanyang mukha kung siya ay nakatawa at para bagang may gayumang kung ano ang kanyang mga titig.

"Ikaw, ano ang ngalan mo?" akin," ang wika ko sa tagalog.

"Kayo na nga ang magpakilala diyan kay Nilda, hindi ko mamabigkas ang pangalan niyan, e."

"Miss Rivas, siya ay si Mr. Tjokrama... nagpapalipas siya ng oras dito sa otel ninyo. Hatinggabi ang lakad ng eroplanong sinasakyan niya. Mr. Tjokrama, siya ay si Bb. Rivas, anak siya ng may-ari nitong otel."

"Ikinagagalak kong makilala kayo," magalang na bati ng dayuhan. "May naging diperensiya ang makina ng eroplanong sinasakyan namin kaya't napilitan kaming tumigil dito sa Maynila. Ito ang unang pagkakataon kong makarating dito sa inyong bayan. Maaari ko ba kayong maanyayahang maghapunan sa dining room? Tulungan ninyo akong it agdiwang ang una at huling gabi ko rito sa Pilipinas."

"Hindi tayo ang inaanyahan niyan, Mr. Castillo," paanas na wika ni Nilda sa tagalog, "Si Betty lang ang interes niyan."

"Di kasi naman," ayon ni Mr. Castillo sa tagalog din. "Sige na Mr. Tjokrama, mauna na kayo ni Betty, susunod na kami. May pag-uusapan lang kami sandali."

"Paunlakan mo ba ako, Betty?"

"O.K. let's go. Kayong dalawa..." ang baling ko kay Nilda. "Makababawi rin ako sa inyo."

Na sa kabilang ibayo ng lobby ang dining room. Pagkaupo namin ay lumapit ang isang waiter.

"Ano ho ba ang io-order ninyo, Miss Gomez?" tanong ng tagapagsilbi.

"What will you like me to order?" tanong ng aking kasama.

"Sandwich at orange juice lang ang sa akin, Mr. Tjokraman."

"Tawagin mo na lang akong Henk... Napakahaba at nakatatawa ang tunay kong pangalan kaya't iyan ang itinatawag sa akin ng aking mga kaibigan."

"Hindi naman ako nagtatawa, a... Maramdamin ka, ano?"

"Kaunti," ang kanyang maiting sagot. "Saan ka nakatira? Nag-aaral ka ba? May mga magulang ka pa ba?" ang sunod-sunod niyang tanong sa akin.

"Isa-isa lang ang tanong..." wika ko at sabay kaming nagkatawanan. Aywan ko kung bakit hindi ko matagalan ang

inaabot kami ng hatinggabi. May kotse kaming nagagamit kaya't palagay ang loob ng aking ina tungkol sa aming pag-uwi.

Sinundo niya ako at sinimulan na naming ayusin ang mga eskaparate nang sa lalapit ang tagapamahala ng otel kay Nilda, ang aking kaibigan. Narinig kong nagbigay-galang siya tulad ng kinaugalian. Patuloy ako sa pag-aayos at pagpupunas ng mga kahon ng barong-tagalog, at paminsan-minsa'y napapatingin ako sa gawi nila roon kapag naririnig ko ang halakhak ni Nilda. Napapangiti ako at naiisip kong nalimutan na ng aking kaibigan ang pag-aayos. Sa mamig kong pagtapos sa aming usapan. "Bastos ito, ah," naitulong ko sa sarili.

"I did not mean to anger you," himig nagmamakaawang wika niya sa akin nang mapansing tinalikuran ko siya.

Ang tawang kanina ko pa pinipigil ay di ko na natimpi. Kakatwa at nakatutuwang umingles ang taong ito. Halatang hindi sanay, at malalim ang mga salitang inuusal na kung di man niya sa paaralan natutuhan ay pihong kuha sa diksiyunaryo. Napatingin ako sa kanyang mukha. Lalong matingkad ang kanyang pagkakayumanggi kaysa karaniwang Pilipino, maganda at maamo ang kanyang mga ma-

"Bituin, Bituin Gomez," ang tugon ko.

"Between? Bakit Between?" ang usisa niya.

"Ang ibig sabihin ng aking pangalan sa tagalog ay star nguni't Betty lang ang tawag nila sa akin."

"Kung ganoon ay maaaring humiling ako sa iyo. Madalas akong humihiling sa mga bituin. Ipagkaloob mo kaya ang aking hihilingin?"

Hustong papalapit sina Nilda at Mr. Castillo kaya't di ko na naitanong kung ano ang kanyang hihilingin.

"Good evening, Miss Gomez, nagkakilala na pala kayo ni Mr. Tjokrama."

"Nagpakilala siyang pilit sa

(Sundan sa pah. 16)

"NANLULUPAYPAY NA NAPASANDAL SA UPUAN SI MANG KARYAS. AT NANG ILINGAP NI MARIO ANG TINGIN SA PALIGID AY SAKA LAMANG NAKITA ANG KANYANG INA..."



Sa Ibabaw ng Gulod

nobela ni MODESTO B. MANZANARES

(Ika-17 Labas)

DALI-DALING tumalikod si Linda, at walang nagawa si Mario kundi habulin ito ng tingin.

—Ano'ng gagawin mo ngayon? —ang tanong ng kaibigan ni Mario.

—E, ano ba'ng babawin ko? Alam mo namang wala akong ginagawang masama.

—Hindi iyon ang pinag-uusapan ngayon. Ang pinag-uusapan ay kung paano ka makaliligtas sa kapahamakang kabubuliran mo. Pero kung iniibig mo namang talaga si Sela...

—Iniibig! —Napalakas ang pagsasalita ni Mario.

—Mabuti pa'y magtago ka na. Balita ko'y paparito raw ang ama ni Sela at kakausapin ang ama mo.

Nang makaalis ang kaibigan ni Mario ay hinanap niya si Linda. Nakita niya ito sa likod-bahay, nagtitipon ng mga tuyak na sisigaan at ipapausok sa mga punong-mangga sa bakuran. Hindi malaman ni Mario kung ano ang kanyang sasabihin kay Linda na hindi naman nagtatapon man lamang ng tingin sa kanyang kinatatayuan bagama't parang alam niya na nakita siya ni Linda nang lumapit siya rito.

—Ibig kong umalis, Linda, —makaraan ang ilang sandaling di pag-imik ay nawika ni Mario.

—Dahil ba kay Sela? —ang naitanong ni Linda. —Natatakot kang panagutan ang ginawa mo sa kanya?

Hindi agad nakapagsalita si Mario. Alam na niyang naunawaan nga ni Linda ang nasing usapan nila ng kanyang kaibigan.

—Paniwalaan mo sana ako, Linda, —ang sa wakas ay nawika na lamang ni Mario. —Hindi ko inaano si Sela. Kung ... kung ano man ang nangyari sa kanya, paniwalaan mong wala akong sagutin doon...

—Kilala kita, Mario. —Matigas ang pangungusap ni Linda. —Alam kong nanligaw ka kay Sela. Alam kong nagkakagustuhan kayo.

—Nguni't... wala akong ginagawang masama sa kanya. Kung... kung magkakanak man siya, —at nahayag na rin sa tinig ni Mario ang pagkayamot, —kung magkakanak man siya... tandaan mo... hindi ako ang ama.. hindi ako!

Sa buong pagtataka ni Mario, nakita na lamang niyang may luhang gumiti sa nagsaopoy na mga mata ni Linda.

—Kinasusuklaman kita, Mario! Kinasusuklaman kita! — at tumatakbong pumanhik ng bahay si Linda.

Nalwang nagugulumihanan si Mario. Lito pa rin ang kanyang isip nang taluntunin niya ang landas na palabas sa kanilang duluhan. Huminto siya nang malalim. Hindi niya batid kung saan siya pupunta. At di niya nalalaman ay lumalakad na siyang papalayo.

Sa bahay ng kanyang kaibigan nagpunta si Mario. Nakipaghuntа siya roon. Hapon na noon, at doon na rin siya naghapunan.

—Ano nga bang talaga ang binabalak mong gawin? —hindi napigilang tanong ng kaibigan ni Mario. Kung ilang ulit nang nakapag-usisa ang kanyang kaibigan, nguni't hindi ito nagkamit ng tumpak na katugunan niya.

—Saka na kita sasagutin, —ang tugon ni Mario. —Hindi ko pa rin mapagpasiyahan nang lubos kung ano ang dapat ko ngang gawin. Mamasyal muna tayo sandali sa labas. Marahil ay makabubuo ako ng tiyak na dapat kong gawin.

Nagbihis ang kaibigan ni Mario, at pamayamaya'y na sa labas na sila. Malayo na ang kanilang nalalakad sapagka't wala naman silang tiyak na pupuntahan. Nakarating sila hanggang sa kabilang nayon, at doon, sa isang malaki-laki rin namang tindahan, humimpil ang dalawa.

—Tuba nga! Bigyan ninyo kami ng tuba! —sigaw ni Mario sa nagtitindang matandang lalaki.

Idinulot ng may-ari ng tindahan ang kanilang hinihingi. Nagtagay ang magkalbigan. Maraming baso ng tuba ang kanilang nainom, hanggang sa malaon ay lasing na sila. Pasuray-suray pa nang lumakad na pauwi ang magkalbigan nang dakong maghahatinggabi na.

—Ti-tiyak na... ang pa-pasiya ko... ngayon... hik... —pagaril na wika ni Mario. —Aalis ako. 'Yo-yokong makasal sa ba-baing... hi-hindi ko... gu-gusto.

Dala ng espiritu ng alak, nagkakatuwa pa ang mag-kaibigan, may paawit-awit pa sila habang daan.

Naghiwalay sila sa tapat ng bahay ng kaibigan ni Mario.

Nang makarating ng bahay ay gayon na lamang ang pagkamangha ni Mario nang datnan niyang gising pa ang kanyang ama. Hinihintay siya nito sa malilt na kabahayan.

—Maupo ka, Mario, —ang sabi ni Mang Karyas, at hindi nalingid kay Mario na matigas ang tinig ng kanyang ama.

Welang kibong naupo si Mario sa harap ng kanyang ama.

—Naparito ang ama ni Sela, —ang simula ni Mang Karyas. —Ang sabi niya... si Sela raw ay nadisgrasya mo.

Biglang napatayo si Mario.

—Hindi totoo iyan, Itay. — ang halos pasigaw na tutol ni Mario. —Hindi totoo!

—Umupo ka! —ang mabalasik na utos ni Mang Karyas. —Dapat mong alaming nakapangako na ako kay Pareng Anghel, —ang sabing ang

(Sundan sa pah. 16)

Ito Ang Istorya...

— YOYONG FLORENCIO

ANG PAG-IBIGAN nina Antang at Bino ay palihim. Hindi nalalaman ng sinoman sa kani-kanilang mga magulang Nagkakilala sila, nagligawan, nagsumpaan at "magmahalan" nang walang nakababatid kundi sila at ang mangilan-ngilong 'ika nga'y nakakasubok sa kanilang "pagmamahalan". Ayaw namang magsipagsalita ang ibang nakaaalam pagka't syaw mapasangkot sa iskandalo. Alam kasi nilang may masamang mangyayari kapag nalaman ng mga magulang nina Bino at Antang ang kanilang pagkakaugnayan. Parang istorya ng **Romeo and Juliet**, ang mga magulang ng dalawa'y magkabangga, sa tunay na kahulugan ng salitang **banggaan.** Ubod ng kuripot ang mga matatanda ni Antang at hari naman ng mga bulanggugo o galante ang mga **old** ni Bino. Paano hindi magkakabangga ang mga ito? Mayabang at bulagsak sina Bino; simple at matipid naman sina Antang. Kapag nagbigay sina Bino ng **nilagang manok** kina Antang (ito'y noong bago pa lamang nagkakalapit-bahay ang dalawang partido), ang ipinapalit naman nina Antang ay **pinapayahang palakol** (Nalalayo na tayo sa istorya.)

Sa madaling sabi, "nagmahalan" nga sina Bnio at Antang nang lingid sa kanilang mga magulang. Nagpatuloy sila hanggang sa mangyari 'ang istoryang ito... (Bago nga pala ang istorya, sina Bino at Antang ay nagkakaibigan sa pamamagitan ng mga **senyas** at **kontrasenyas.**)

Hindi pa nagbubukasan ng mga bintana sa nayon ay naroon na ang senyas ni Bino: ang pagkakatali ng mga sanga ng isa sa mga punong talong sa kanilang halamanan sa harap-bahay. Tuwing umaga'y nagdidilig si Bino sa kanilang talungan. May unawaan na sila ni Antang na kapag tinalian niya ang mga sanga ng silin man sa mga punong talong ay ibig ni Bino na magtagpo sila sa bantilan sa libis. (S'yempre, ang punong talong na tinatalian ni Bino ay iyong makikita agad ni Antang.)

Kapag gayon namang may punong talong na may tali ay madaling sasagot ng kontrasenyas si Antang. At nang makita nga niya ang senyas ni Bino ay dali-dali siyang nagsampay ng damit na kulay puti (ngayo'y bistida ni Antang) sa sampayan sa may bintana nila. Ang ibig sabihin ng sinampay na puti para kay Bino ay sang-ayon o makalilitaw si Antang sa kanilang tipanan.

Sakaling hindi maaaring makipagkita si Antang kay Bino sa bantilan, pula naman ang kanyang isinasampay. Sapat na iyon upang huwag

MAY SENYAS DIN SI MANG ANDONG

na magbintay o umasam-asam si Bino.

SI ANTANG pa ang unang dumating sa bantilan. Sunong niya ang isang batyang may lamang ilang labahin. Sa malas ay malilinis pa ang laman ng batya.

—Bakit na naman? Kahapon lang e, nandito tayo, a... —may pagtatampong sabi ni Antang kay Bino.

—At tila ayaw mo nang makipagtagpo sa akin ngayon, a... Baka...

Inagapan ni Antang ang pagsasalita ni Bino. —Hindi sa gano'n. Ang ikinatatakot ko lang e, baka makahalata na ang matatanda kapag ganitong madalas tayong nagkikita rito. Mabuti nang mabuti kung walang nakakakita sa atin dito.

—Paano naman tayo mahahalata? Kung magpapahalata ka nga ba, e.

—Masasabi mo ba 'yon? — Umirap pa si Antang kay Bino. —Gaya ngayon, alam na alam sa amin na kahapon lang ako naglaba. Tingnan mo, ang lilinis pa ng mga dala kong labahin. E, kung maghinala ang Tatang ko at sumunod dito...

—Iyon nga ang kinatatakutan ko, e... kung sakaling malaman nila ang lahat. — Malungkot at pormal na ang boses ni Bino. —Iyon ang dahilan kung bakit ginusto kong magtagpo tayo ngayon din.

—O, ano? Sabi na, at nang makapaglaba na ako. Nang makaalis ka na rito. Mahirap na. Ano'ng ibig mong sabihin?

—Ibig ko sanang magtanan na tayo. —Napayuko si Bino pagkasabi niyon.

Muntik nang mabitiwan ni Antang ang sunong na batya. Namilog ang kanyang mga mata. Matagal na kumimbut-kimbot ang kanyang mga labi, nguni't hindi nakapagsalita.

Si Bino'y nanatili namang nakayuko.

—Ka-kailan, Bino? Ka-kailan? —sa wakas ay nasabi ni Antang.

—Basta, tinalian ko ang sanga ng isang punong talong. Hindi ko pa rin matiyak. Hindi ko pa malaman kung talagang ipagbibili na ni Tatang ang tumana namin. Pag ipinagbili na, magtatali na lang ako ng isang punong talong.

—O-oo, oo, Bino, —hindi magkantututo si Antang. Punong-puno ng kaligayahan ang kanyang pagkakangiti kay Bino. Si Bino'y wari namang hindi makatingin kay Antang. Kakamut-kamot siya sa batok. Nakayuko pa rin.

—E, di gano'n na nga, basta may nakita kang punong talong na may tali sa aming hardin, e... kumontrasenyas ka lang, ha?

Sa kagalakan, marahil, sunud-sunod na tango na lamang ang naisagot ni Antang. Nguni't nang makatalikod na si Bino ay saglit na natilihan at pagkuwa'y natawag ang nobyo. Nagbalik si Bino.

—Bakit? —tanong ni Bino.

—Marami akong dadalhin at baka hindi ko makaya hanggang dito sa bantilan.

—Hindi naman dito tayo magkikita, e... Sa hatinggabi tayo magtatanan at sa makalobas na ng inyong bakuran kita hihintayin. Saka h'wag ka nang magdala ng marami.

—Pero, mahirap yatang mangyari, e... Pag nando'n sa amin si Tatang e, tiyak na magigising iyon. Mababaw matulog si Tatang.

—O, s'ya, kung wala roon ang Tatang mo'y puting damit ang iyong isampay; kung nando'n, kahit natutulog na ay h'wag ka ring magsasampay ng puti. Baka mahinip lang ako sa kahihintay.

MAKAILANG ARAW pagkatapos niyon ay tinalian nga ni Bino ang isang punong talong sa kanilang taniman sa harap-bahay. Nguni't tanghali na'y wala pa siyang nakikitang sinampay sa may bintana nina Antang. Nang humapon na lamang siya nakakita ng sinampay na puti Ang putot ng Tatang ni Antang ang nakasampay. Gayon na lang ang kagalakan ni Bino. Maaga pa'y hindi na siya napakali sa kanila. Buung-buo na sa sarili niya ang gagawin pagsapit ng hatinggabi. Halos oras-oras ay tinatanaw ni Bino ang sinampay na puti sa may bintana nina Antang —ang putot na puti ng Tatang ni Antang. Ang pinagtatakhan lamang ni Bino ay kung bakit hindi man lamang niya nakikita si Antang. Datirati, nagwawalis ito sa bakuran lalo't gayong nagkasenyasan sila. Nguni't para kay Bino, sapat na nga ang kontrasenyas ni Antang. Ano'ng malay niya kung paraan lamang ni Antang ang di pagpapakita sa kanya?

NANG HUMATINGGABI'Y may kipkip na balutang naghintay si Bino sa makalabas ng bakuran nina Antang. Tulog na ang buong baryo at walang naririnig kundi ang hunihan ng mga panggabing kuliglig. Sa suot na ternong maong ni Bino ay walang makapapansin sa kanya sa pagkakakubli niya sa makapal na baging na gumagapang sa tarangkahan ng looban nina Antang.

Sukdulan na ang pagkainip ni Bino nang makaanipag siya ng aninong papanaog sa bagdanan nina Antang. Bigla na naman siyang inalihan ng matinding kagalakan. Mula sa kublihang baging ay lumitaw na siya at tinangkang salubungin ang pumapanaog. Paanas niyang tinawag ang pangalan ni Antang. Nguni't hindi sumagot iyon. Patuloy lamang sa mabilis na paglapit sa kanya. Paduhapang na inabot ni Bino ang kamay niyon. Nguni't nang maramdaman niyang iniilag ang kamay at biglang tumaas ay nakasalat ng isang bagay na nagpainit sa kanyang mga tainga —gulok! (Kumikislap pa mandin sa dilim ng gabi).

—Si Antang pala ang hanap mo, ha? —boses ng Tatang ni Antang.

Sa taya ni Bino ay malayo na siya nang marinig niyang nagsalita ang tatang ni Antang. Malamig na malamig siya at pinapagpapawisan nang malamig na kasinlamig ng malamig na hangin sa gabi. Pati mga tainga ni Bino ay malalamig na rin. At lalong malamig ang kinahihigan niyang kanal. Doon siya nagtago.

HINDI NA MATANDAAN ni Bino kung gaano siya natagalan sa kanal na iyon. Gising na lamang siya kinaumagahan ng pagtutungayaw ng sina ni Antang na nagwawalis sa bakuran ng mga ito. Ang tatang ni Antang ang nagwawalis ngayon sa kanilang looban. Hindi na si Antang. Parang talagang nagpaparinig ang tatang ni Antang. Sa kinalihigan ni Bino ay dinig na dinig niya ang mga sinasabi niyon.

—Oras na dumating si An-

lang ay tiyak na sasakit ang katawan niya sa akin, —sabi ng Tatang ni Antang. —Pwe! Ang walanghiya at nakikipagd'yaskihan pala sa mga kapitbahay kong mga... hmm ... Magkakatuos kami. Magkakatuos kami! —Galit na galit ang Tatang ni Antang. —Ku, mabuti na lamang at hinintay kong matuyo ang salawal ko. Kungdi'y nalokong Andong na sana ako, a... Hmmm. Magtutuos kami. Talaga yatang hinahamon ako ng mga walanghiyang mga kapitbahay kong ito, e... Pwe!

Muli na namang nakadama ng pang-iinit ng kanyang mga tainga, hindi na nakabañgon si Bino. Napagdilidili niya ang naging takbo ng pangyayari. Maaaring si Mang Andong ang nagsampay ng putot na puti. Maaaring tinangka ni Antang na alisin ang sinampay nguni't nakita ni Mang Andong at nakagalitan. At nang mapagalitan si Antang ay umalis at sa kanyang ninang nagtira. Ganito ang malimit gawin ni Antang.

Sinisisi sana ni Bino si Antang. Nguni't nang dakong huli'y si Mang Andong na rin ang nasisisi niya at ang katipiran nito. Kung hindi hinintay ni Mang Andong na matuyo ang putot nito at nagbihis na ng iba at natulog na, kahit hindi pumanaog si Antang nang gabing yaon ay hindi sila mahahalata. Hindi mabubunyag ang kanilang lihim.

Patuloy sa panunungayaw ang Tatang ni Antang at patuloy ding nag-iinit ang mga tainga ni Bino. At naisip ni Bino na magpapatuloy din at lalong mag-iinit ang pagbabangaan ng kanyang mga magulang at ng mga matatanda ni Antang. Naasam tuloy niyang sana'y magkagiyera na uli. Kapag may giyera raw at nagkakagutom ang mga tao'y nagkakakila-kilala raw ang magkakaanak, ang magkakaibigan, at para kay Bino, marahil pati ang magkakapitbahay. (X)

—oOo—

Naglihim Si Henk

(Buhat sa pah. 13)

oras ang lumipas sa aming pagkukuwentuhan na di ko man lamang napansin. Labis akong nabighani sa katauhan ng aking bagong kakilala. Noong kami'y nag-uusap ay naisip kong marahil ay ang kaibhan ng aming pagkatao ang dahilan ng aking pagkabighani sa kanya. Sa ilang oras naming pagpapalagayan ay parang kung ilang taon na kaming magkakilala. At parang sinadya, bigla niyang sinambit ang ganito:

"Betty, sandali pa lamang tayong magkakilala ay parang hindi na kita malilimot kailanman. Hindi ko masabi kung lahat ng Pilipina ay katulad mo nguni't ang alam ko ay wala pa akong nakikilalang babae sa aking bayan na kinahalingan kong gaya mo. Kung maaari lang sana na pumili ako ng isang katulad mo upang kasamahin habang buhay..."

"At bakit hindi?" ang wala sa loob na nasabi ko.

"Hindi ko masasabi sa iyo kung bakit hindi maaari."

"Marahil ay may kasintahan ka na sa inyong bayan?"

"Kung karaniwang kasintahan lamang ay isandaang ulit kong lilimutin at iiwan kung matatagpuan ko ang isang babaing tunay kong iniibig. Nguni't ibang uri ng kasintahan mayroon ako. Bata pa kami, ipinagkasundo na ako sa mga magulang ng isang babaing kaibigan ng aking angkan. Iyon ay isang kaugalian sa aming bayan at walang binata o dalaga na tumatanggi sa kasunduan ng kanilang mga magulang. Kaya't di magtatagal, ako'y makikipag-isang-dibdib sa isang di ko iniibig at di ko halos kakilala. Ngayon, higit kailan man, ay napatunayan kong hindi siya ang babaing para sa akin. May isang uri ng babaing alam kong makapagpapaligaya sa akin."

Mag-iika-sampu na nang mapansin kong hindi na dumating si Nilda kaya't nagyaya akong magbalik sa "lobby". Natagpuan ko si Nildang nag-aayos ng mga eskaparate.

"Hindi pa ba tayo lalakad?" ang bati ko sa aking kaibigan nang ngumiti siya sa akin.

"Oo, pagbabalik ng sasakyan," ang kanyang sagot. "Tatapusin ko lang ito."

Habang hinihintay ko si Nilda ay dumako ako sa may bintanang malaki at mula rito ay tanaw na tanaw ang dagat at ang maliliwanag na ilaw sa ibabaw ng tubig mula sa mga nakadaong na bapor. Abala ako sa pagtanaw nang maramdaman kong ipinatong ni Henk ang kanyang palad sa kamay kong nakapatong sa bintana. Nagulimihanan ako at hindi ko malaman kung aalisin ko ang aking kamay o hindi.

"Pagkagising mo bukas ay na sa kabilang panig na ako ng dagat na ito. Maalaala mo pa kaya ako bukas?"

"Bihira akong makatagpo ng katulad mo kaya't alam kong di kita malilimot kaagad."

"Nagpapasalamat ako at hindi tayo magkakaulayaw pa nang matagal. Marahil, sa bawa't saglit na ikaw ay aking makapiling ay lalong mabubuo sa loob ko ang balikan ka rito sa Pilipinas. Kung di lamang malaking kasalanan sa batas ng aming bayan at angkan, hindi kita pababayaang mawala sa aking mga paningin."

Narinig kong bumusina ang kotse ni Nilda kaya't nagpaalam ako kay Henk. Inilahad niya ang kanyang kamay. Bilang tugon ay kinamayan ko siya.

"Paalam, Betty. Di kita malilimot kailan man," aniya, sabay gawad ng isang halik sa aking palad.

"Goodbye, it was nice knowing you. Good luck!" ang tangi kong nasabi.

Tinanong niya ang aking tirahan upang ako ay kanyang sulatan. Nguni't bakit pa? Malapit na siyang makipag-isang-dibdib.

Habang daan ay naghihintay si Nilda sa aking pag-imik, nguni't nabuo na sa aking loob na di ko na babanggitin kanino man si Henk, sapagka't pihong pagtatawanan lamang nila ako. Kung tunay mang may pag-ibig sa unang pagkikita, alam kong naganap iyon sa aming katauhan. Napansin kong tila may lihim ang kanyang pagkatao. Bakit ilang ulit niyang nasabing ang lahat ng kanyang tungkuling ginaganap, maging pansarili mang tulad ng kanyang pag-aaral, ay sunod sa utos ng kanilang batas?

Halos hindi ako natulog sa pagmumuni-muni ng mga pangyayari nang nakaraang gabi. Magkita pa kaya kaming muli? Totoo kayang hindi niya iniibig ang kanyang kasintahan? Bakit magiging labag sa kanilang batas ang tumanggi siyang pakasal?

Kinabukasan, sa hapag-agahan, halos nabitiwan ko ang hawak kong tasa dahil sa nabasa ko sa unang pahina ng pahayagan:

PRINSIPENG NAGPALIPAS NG GABI SA MAYNILA

Si Prinsipe Shahenkudin Tjokrama, tagapagmana ng trono sa Bayang —————— ay napilitang magpalipas ng gabi rito sa Maynila dahil sa pagkasira ng makina ng kanyang sariling aeroplano. Bago lumulang paalis, kagabing mag-iika-labing-isa at kalahati ay pabirong sinabi ng prinsipe sa tagapagbalita ng pahayagang ito na napangarap niyang may nakilala siyang isang dalagang Pilipina at ito'y iniuwi niya sa kanyang bayan upang kanyang maging reyna. Alam nating ang Kanyang Kamahalan ay nagbibiro sapagka't ang dugong bughaw ay pumipili ng kapwa dugong bughaw, at tulad ng kanilang kinaugalian, ang pagpili ay ginagampanan ng kanilang mga magulang. Sinabi ng isang tagapayo ng Prinsipe na ito ay malapit nang makipag-isang-dibdib sa isang prinsesang buhat sa karatig bayan, bagamat di halos kakilala ng prinsipe...

Hindi ko na natapos basahin ang balita sapagka't hilam na hilam sa luha ang aking mga mata. (X)

Sa Ibabaw Ng Gulod

(*Buhat sa pah.* 14)

tinutukoy ay ang ama ni Sela —Huwag mo akong isusubo sa kahihiyan.

—Pero, Itay... —ang tutol uli ni Mario na hindi nauupo, —pipilitin ba ninyo ako sa babaing... ipaaangkin ba n'yo sa 'kin ang batang hindi naman ako ang ama?

Hindi nagsalita si Mang Karyas, nguni't nang masusing tingnan ito ni Mario, kahit may kargang espiritu ng alak ang kanyang isipan, ay malinaw niyang nakita sa mukha ng kanyang ama ang isang damdaming naghatid ng panghihilakbot sa kanyang pagkatao. Sa matigas na mukha ng kanyang ama ay nasinag niya ang isang katotohanan, hindi ito naniniwala sa kanya.

—Sawa na ako sa mga palabas mo, Mario! —Ipinakikilala ng tinig ni Mang Karyas na talagang galit nga ito. —Sawa na ako! —at umiling-iling pa ang matanda.

Matagal na hindi nangusap si Mang Karyas. Idinako niya ang tanaw sa labas ng bintanang pinaghaharian ng pusikit na karimlan. At nang magsalita siya ay gumagaralgal ang kanyang tinig.

—Ibig ko sanang ikaw ang maging pag-asa namin ng ina mo. Matatanda na kami. Sasandaling panahon na lamang marahil ang ilalagi namin sa mundong ito. Ako nga ang naturingang ama ng tahanang ito, nguni't... —at ikinurap-kurap ni Mang Karyas ang mga matang pinangiliran ng luha, —eto ang ayos ko, inutil! Lumpo! Ikaw... sa balikat mo napaatang ang tungkuling hindi ko na magampanan ngayon, pero...

Parang nasamid si Mang Karyas, at sinasal ito ng ubo.

—Ngayon, —ang patuloy ng matanda, —wala na akong kapag-apag-asa pang makita sa iyo ang katuparan ng mga pinapangarap ko sa iyo. Nagsusugal ka. Malimit makipag-away. Naglalasing. Iyan sana'y maipagpapaumanhin ko na, kahit parang nagiging matinding dagan sa aking dibdib.. kahit siyang palagay ko'y unti-unting nagpapahina sa akin, kumikitil sa aking buhay. Pero ang isang ito'y hindi ko na mapalalampas pa. Hindi ko mapapayagang manalbahe ka ng babae. Alalahanin mong may ina ka, at babae rin. Sinira mo ang pagkababae ni Sela, at tungkulin mong ibangon ang kanyang puri

—Itay! —Hindi nalaman ni Mario na pasigaw ang kanyang pagsasalita. —Wala kayong karapatang panghimasukan ako sa bagay na iyan! Sinasabi ko sa inyo ang totoo... hindi! hindi! hindi! hindi!

Ang ibig sabihin ng hindi ni Mario ay hindi siya ang nagwasak sa puri ni Sela, nguni't ang akala ni Mang Karyas, ang ibig sabihin niyon ay talagang tinututulan ni Mario ang kanyang sinabi, at nanga-

(*Sundan sa pah.* 20)

ikaw lamang...

huwag nang takawin sana yaring puso
sa mahinhing bango ng iyong pagsuyo.
malaong hinintay na iyong pangako.
bakit sa labi mo'y ibig pang itago?

natupad nang lahat ang pita sa akin
ng iyong kariktang mapanibughuin:
ang awit sa talang limit kong awitin.
binawi't sa iyo aking inihain.

di na namumulot ng hamog sa bukid
bago mag-umaga ang aking pag-ibig—
ang inaagapan lamang na mapahid
ng puso'y ang iyong luha kung magbatis.

wala nang iba pang bulaklak ng nayong
nakakalilim ko sa punong mayabong;
ikaw lamang, irog, ang tanging kapayong
sa init ng ating pag-ibig, maghapon.

ano pa ang kulang sa aking pangarap
na hingi ng iyong tanging halimuyak?
kung sanlang matibay ang huli mong hanap—
narini ang dibdib na sadya mong pugad.

nina

Gregorio R. Victoria

at

Emeterio M. Caparas

PAGKATAPOS NG PALABAS

"AT ALAM BA NINYO ANG NANGYARI? PAGKARAAN NG TATLONG ULIT NAMING PAGTUNGO SA BAHAY NG DALAGA AY NALUTAS DIN ANG SULIRANIN. ANG SAMA NGA LAMANG AY AKO PA ANG..."

TAPOS NA ang Mahal na Araw. Nguni't hindi ko mapigil na di isalaysay ang kuwentong ito. Maganda at nakatutuwa ang mga pangyayari. Kaya, naito... tunghan ninyo...

BAGAY NA BAGAY kay Senyang ang papel ng Inang Birhen. Wala nang dalaga sa aming nayon na makapagdadala sa papel na iyon liban kay Senyang.

Napakaganda ni Senyang. Talagang bagay na bagay sa kanyang maging ina ni Hesus sa Senakulo.

Iisa ang pasubali ni Senyang noong siya ay mapapayag na sumali sa Senakulo: hahalinhan ang Kristo. Ayaw niyang si Serafin ang maging Kristo. Ang dahilan ay lumiligaw ito sa kanya. Kung hindi papalitan si Serafin ay hindi siya sasali.

Dinaan sa pulong ang kahilingan ni Senyang. Pinagbalekan ang nararapat gawin. At dahil sa si Serafin ay hindi mahirap pakiusapan, pumayag siyang palitan sa pagiging Kristo at mag-Huhudyo na lamang. Isang may kagulangan na ang ipinalit na Kristo, si Mang Emong na mahaba ang baba.

Mahusay ring gumanap si Mang Emong. Para siyang tunay na Kristo. Kuhang-kuha ni Mang Emong ang arte noong Siya ay tinutukso ng demonyo.

Napakasigla ng mga Senakulista. Paano'y nakatitiyak sila ng tagumpay. Magkatugma sa pagganap sina Senyang at Mang Emong, kaya, ako namang telonero ay nakapagmamalaki rin.

Datapuwa, nang sumapit ang Viernes Dolores ay nangyari ang hindi namin inaasahan. Nahulog sa pangungulila ng duhat si Mang Emong. Napilay ang tuhod at nanakit na mabuti ang dibdib.

Higit na nabalisa sa pangyayaring iyon ang aming tagapamahala. Viernes Dolores na nga naman. Sa Domingo de Ramos ay macsisimula sa pagtatanag, na, sivang unang bahagi ng kasavsayan.

—Dongan kasi ay umakyat ka pa sa duhat, —paninisi ng tagapamahala kay Mang Emong. —Tingnan mo nga ang nangyari: nabitin tayo.

Napangiwi si Mang Emong bago sumagot. —Paano'y kailangang-kailangan ni Tale ang duhat, —paliwanag nito. —Naibigay ko na ang lahat ng uri ng bungangkahoy, nguni't duhat pa rin ang hinihingi. Masama raw hindi makain ang gusto, kaya, kahit Viernes Dolores na ay umakyat ako sa puno. Ayaw ko nga sana pagka't maitim ang duhat.

Lalong nabahala ang aming tagapamahala nang mabalita ang sinabi ni Senyang, na, hindi na siya gaganap kung si Serafin din ang magiging Kristo.

—Si Serafin na lamang ang ating pag-asa, —sabi ng aming tagapamahala nang kausapin naming muli ang dalaga. —Sa mga kasama natin ay siya lamang ang may karanasan sa pagganap sa papel ni Hesus.

May katwiran ang aming tagapamahala, pagka't si Serafin na ang aming Kristo buhat pa nang matatag ang aming samahan. Nagkaasawa na nga lamang ang nauna naming Birhen.

—Nguni't batid na naman ninyo ang dahilan, —gilt ni Senyang. —Iumiligaw sa akin si Serafin... at napakalikot niya.

Lihim kaming nagkatinginan ng tagapamahalang si Mang Andoy. Ipinahihiwatig namin sa isa at isa na tutoo nga pala ang nahigingan naming nilikot nga pala ni Serafin si Senyang.

—Huwag kang mag-alaala sa bagay na iyon, —pangako ni Mang Andoy. —Ipinangangako ko sa iyong hindi isasabay ni Serafin ang hangarin niya sa iyo, kung mayroon man.

Sa kapapakiusap ng marami ay pumayag na rin si Senyang, nguni't sinabi sa amin ng harapan, na, oras na may mapansin siya kay Serafin ay ibibitin niya ang palabas.

Bagaman sumang-ayon si Senyang ay kakaba-kaba pa rin si Mang Andoy. Paano'y walang pagsasanay si Serafin. Hindi kami nakatitiyak ngayon ng tagumpay. Saka ang katikutan ni Serafin ay hindi namin matiyak kung maipagangakong aalisin.

At...

Sumapit ang Domingo de Ramos. Nagsimula kami sa pagtatang. Isa si Serafin sa tatlong personang nagkonsisteryo ng nauukol sa pagtatang ng dalgdig. Napakahusay ng pagkakaganap ni Serafin. Servong-servo siya. Para siyang tunay na Diyos-anak. Pinupuri siya ng mga manonood. Anopa't natapos ang unang gabi ng pagtatanghal sa malabis na kagalakan ni Mang Andoy.

—Pinahanga mo ako Serafin, —anito sa binata, —kahanga-hanga ang iyong pagkakapaglarawan.

—Hindi ko ho sinasadya iyon, —pagpapakumbaba naman ng binata, —nagawa ko ho iyon dahil sa marubdob kong hangaring magtagumpay ang ating samahan.

Nguni't lingid sa kaalaman naming lahat ay may binabaka palang damdamin si Serafin. Sa tuwing makikita niya ang kagandahan ni Senyang ay saglit niyang nalilimot ang pangako kay mang Andoy, na, alang-alang sa karangalan ng nayon at ng samahan ay isasoisantabi muna niya ang kasiyahan ng kanyang pag-ibig.

—Senyang, —hindi nakatiis si Serafin, isang gabing sila'y magkasagapay na nakatayo sa isang panig ng tanghalan. Naghihintay sila noon ng tagpong lalabasan nila. —Nagagalit ka pa ba sa akin? Hindi kumibo si Senyang.

(Sundan sa pak. 19)

Ulilang Halaman

nobela ni Potenciano Carreon, Jr.

(Unang Labas)

IKA-4:00 na ng hapon nang muling tawagan ni Rafael si Maria Luisa — iyon ang ikatlong pagtawag na niya sa kasintahan. Sa una't ikalawang tawag niya'y hindi nakausap ang dalaga, at ayon sa sumagot sa kanya sa telepono ay kasama ito ng ilang kasamahan sa kapisanan at dumalaw sa pook ng mahihirap sa siyudad.

Si Maria Luisa ay isang dalagang kabilang sa mataas na lipunan. Anak siya ng mayayamang magulang. Kabilang siya sa isang kapisanan ng mga dalagang anak ng mayayaman na tumutulong sa mahihirap. Namumudmod sila ng mga damit, pagkain at gamot sa mahihirap na mag-anak na nagsisipanirahan sa mga barung-barong sa Tundo, Sampalok at Intramuros.

Sabik na sabik si Rafael na makausap niya sa telepono si Maria Luisa. May mahalaga siyang "ibabalita" sa dalaga, na inaakala niyang makaliligaya rito. Nang sumagot ang nakikilala niyang tinig ni Maria Luisa sa huling pagtawag niyang iyon, ay napabuntong-hininga siyang nasisiyahan.

—Maria Luisa, akala ko'y hindi na kita makakausap sa telepono, —wika ni Rafael na ang katuwaan niya'y ipinahahayag ng kanyang tinig. —Pangatlong tawag na ito... Salamat na lamang at ikaw na ang sumagot sa akin.

—Kararating ko pa lamang ... —tugon ni Maria Luisa. —Kangina ka pa nga ba tumatawag sa akin?

—Oo, at pinammiwala ko nang mahirap makausap ang anghel ng kawanggawa... — at tumawa si Rafael. —Siguro 'ka ko, ang mga anghel sa langit ay lalo nang higit na mahirap kausapin, kaya maraming-marami ang mga kawawa sa lupa.

—Ang sabihin mo, kung kaya mahirap silang makausap agad ay dahil sa abalang-abala sila sa maraming tinutulungan...

Hirati namang talaga si Rafael na mabigo sa kanyang pagtawag sa telepono kay Maria Luisa. Bihirang-bihira ang mataunang sa pagtawag niya'y makausap agad ang kasintahan. Ang karaniwang sumasagot sa kanya'y isa sa mga utusan, at wala namang itinutugon kundi: "wala po rito si senyorita... dumalaw po sila sa mahihirap na tinutulungan".

Kaya hindi karaniwang gumagamit ng telepono si Rafael kung may nais siyang ibalita sa kasintahan. Si Maria Luisa ang karaniwang tumatawag sa kanya. Makalawa sanlinggo ang pagdalaw niya sa dalaga, at sa araw ng pagdalaw niya'y naghihintay na ito sa kanya.

—Bakit ka tumawag sa akin, Rafael? —usisa ni Maria Luisa. —May mahalagang bagay ka bang sasabihin?

—Mahalagang bagay nga... nguni't magiging dagdag na isipin ito sa iyo... sa anghel ng kawanggawa.

—Anong dagdag na isipin. Ano'ng ibig mong sabihin?

—May na-napulot akong... —at hindi itinuloy ni Rafael ang sasabihin. Nagbagong-isip siya. Hinangad niyang dulutan ng sorpresa ang katipan.

—Ano'ng napulot mo? —tanong ni Maria Luisa sa pagkakabitin ng pangungusap ni Rafael.

—Ang ibig kong sabihin ay ... maaari bang madaanan kita ngayon diyan upang makita mo kung ano ang napulot kong iyon?

—Ano ang napulot mong iyon, Rafael? —may pananabik ang tinig ni Maria Luisa. —Mahalagang bagay ba?

—Mahalaga pa kaysa brilyante, —sagot ni Rafael. — Kaya hindi ko malaman kung ano ang aking gagawin. Ikaw lamang ang nakaaalam tungkol sa bagay na iyan... iyan ang karaniwang inaasikaso ng mga anghel... —at nagtawa uli si Rafael.

—Ano nga ba iyon? Hindi ko maintindihan ang ibig mong sabihin.

—Hindi bale; huwag mo nang piliting maintindihan ngayon, —tugon ni Rafael. — Hindi mo talagang maiintindihan kung di makikita ng dalawang mata mo. Dadaanan kita riyan sa bahay ngayon din. **OK?**

—Pinapananabik mo ako, — sabi ni Maria Luisa. —Sige, hihintayin kita!

—Sa loob ng dalawampung minuto ay naririyan na ako.

Ibinaba ni Rafael ang telepono.

Makailang sandali pa'y sakay na si Rafael sa kanyang kotse at patungo na siya kina Maria Luisa.

Habang nagmamaneho siya ay may kasiyahang naghahari sa kanyang dibdib. Sa ubod ng kanyang pagkatao'y parang isang magandang pangarap ang buhay na kanyang nararanasan.

Hindi mapaniwalaan ni Rafael ang katotohanang siya ngayon — maginhawa na ang kanyang buhay, may kotse, may maunlad na tindahan ng mga aklat, may kasintahang isang maganda, mayaman, at mapagkawanggawang dalagang kilala sa mataas na lipunan. Samantalang parang kahapon lamang na may dalawampung taon na ang nakararaan, ay isang batang lalaki siyang ulilang lubos at kaya lamang nakatawid sa buhay ay inampon at pinapag-aral ng matalik na kaibigan ng kanyang ama.

Si Rafael nga ay isang batang ulila, na masasabing sa loob ng dalawampung taong nakaraan ay may narating na ring tagumpay sa buhay.

Kagabi, may nangyari sa kanyang isang bagay na hindi niya natutulan.

Ikasiyam na ng gabi nang umalis siya sa kanyang tindahan ng mga aklat. Sakay ng kanyang kotse ay nagtungo siya sa isang tanyag na restaurang na sa tabi ng dagat upang kumain ng kaunti at uminom nang bahagya.

Tumagal si Rafael ng mahigit na isang oras sa restaurang iyon, pagka't bumubuhos ang malakas na ulan. Nang tumila ang ulan ay nilisan na niya ang restauran — at nagtungo na siya sa kinahihintuan ng kanyang kotse sa tabi ng daan sa tapat ng restauran.

Hindi naka-lock ang pinto ng kanyang kotse. Marahil ay nakaligtaan niya iyon. Tahimik ang loob niya nang sumakay at pinalakad na niya ang kotse upang umuwi na ng bahay.

Malayo na ang natatakbo ng kotse nang sa pagsulyap niya sa salamin sa may ulunan niya'y makita ang isang batang nagtatago sa ibaba ng upuan sa likuran. Nasulyapan niya iyon habang dahan-dahang nagtataas ng ulo at pinakikiramdaman siya.

Marahang itinabi ni Rafael ang kotse at kanyang inihinto.

—Hoy, lumabas ka na riyan, —wika ni Rafael na sa pagkakaupo sa harap ng manibela at tiningnan sa salamin ang batang nakalubog sa likuran

(*Sundan sa pah.* 20)

"MALAYO NA ANG NATATAKBO NG KOTSE NANG SA PAGSULYAP NIYA SA SALAMIN SA MAY ULUNAN NIYA'Y MAKITA ANG..."

Pagkatapos Ng...

(*Buhat sa pah. 17*)

Galit pa siya. Talagang dinamdam niya ang ginawa sa kanya ni Serafin.

—Nagagalit ka pa ba 'kako? —ulit ng binata.

—E, sino naman ang matuwa sa ginawa mo? —mahina ngunit may katigasan ang tinig ni Senyang, nang siya ay tumugon.

—Kaya nga inibihingi ko sa iyo ng paumanhin...

—Kung pagpaumanhinan ba kita ay mapapawi pa ang mga nangyari na?

—Hindi na nga... at maging ako ma'y hindi na rin makalilimot. Sa tuwing makikita kita ay naaalala ko ang mga pangyayari.

Naputol ang kanilang pagsusumbatan nang tumunog ang silbato. Pinalungkot nila ang kanilang mga mukha at sa pag-angat ko ng ikalawang telon ay lumabas sila.

Masigasig si Serafin. Kailanman at may pagkakataon ay sumisingit siya. Oras na malingat ang mga kasamahan ay gumaasmo. Nagmamakaawa.

—Hanggang kailan mo pa ba pananatilihing luluhugluhog ang aking puso? — ungot niya sa **birhen.** —Labis mo naman akong pinaglulupitan.

—Hindi ko masasagot ang iyong itinatanong, —paangil na sagot ni Senyang. —Pag nagpumilit ka'y iiwan ko ang tanghalan!

—Huwag naman...

—Kung gayon ay tumigil ka...

Nag-isip si Serafin. Nanghihinayang siya sa mga pagkakataon. Mapawil lamang niya ang galit ni Senyang ay nakatitiyak na siya ng pag-asa. Ngunit't kung hindi na umabot sa gayon... at kung totohanin nito ang bantang liwan ang tanghalan ay tiyak na siya ang sisisihin ng lahat. Uupasalain siya ng marami.

Tuwang-tuwa si Mang Andoy. Nakalilimang gabi na ay wala pa siyang napapansing mga palatandaang ikatitigil ng pagtatanghal. Maging sa pagganap, kahit na hindi nagkaroon ng pagsasanay si Serafin ay walang maipipintas ang mga manonood. Naibibigay ni Serafin ang tumpak na kilos na hinihingi ng kasaysayan.

Napakabuting **artista** ni Serafin. Sa likod ng tabing ay isa siyang mangingibig; sa harap ng mga manononod ay isa siyang **Kristo.**

Gayondin si Senyang. Mapanglaw na **birhen** sa harap ng mga tao; sa likod ng tabing ay isang binibining may damdaming nagbihimagsik laban sa lalaking gumawa sa **kanya** ng kalapastanganan. Kung hindi nga lamang alang-alang sa mga taong naklusap sa kanya at sa kanyang mga magulang, hindi sana sila nagkalapit ni Serafin, kahit na pasanda-sandali man lamang.

Biyernes Santo...

Sa gabing iyon ay napakalaking hirap ang daranasin ni Serafin —higit pa sa hirap na tinamo niya noong siya ay dakpin; maging noong siya ay itali sa haliging bato at takalan ng di mabilang na palo.

Nang angatin ko ang telon ay kumilos ang mga Senakulista. Masigla si Malco. Sumasayaw pa sa paghatak ng lubid na nakatali kay Hesus. Ang mga Hudyo man ay hindi rin mapakali. May sumusuntok, may nagtutulak at may **humahampas sa Manakop.**

Makalawa silang umikot sa tanghalan. Pinapagod nila si Hesus. Sa ikatlo, kasabay ng tuetoĝ ay ipinatulakan ang may pasang krus. Humagis sa isang tabi si Hesus, na kayakap ang krus.

Palibhasa'y papel ng manakop ang ginagampanan ni Serafin, kaya nagtiis siya. Hindi niya ipinahalata, maging sa mga Hudyo, ang pagkakaumpog ng ulo sa pinapasang krus. Maging ang pamamanhid ng nasaldak nang tuhod ay binata niya. Hindi siya kumilos. Tiniis niya ang mga hagupit. Hinintay niyang siya ay ibangon. Ang pangangatal ng kanyang katawan ay hindi na **arte** kundi totohanan. Lalo siyang hinangaan ng mga manonood.

—Napakusap gumanap ni Serafin, —narinig kong bulong ng na sa likuran ko, —parang tunay ang panginginig ng katawan!

Ang sumunod na tagpo ay ang pagkakasalubong ni Hesus sa inang Birhen. Himalang napawi ang hirap ni Serafin nang mapagmasdan ang hapis sa mukha ni Senyang. Paano'y natitiyak niyang magbubulungan ang mga tao. At siya ngang nangyari: gumulong ang anasan. Lumulukso sa galak ang puso ni Serafin.

—O, anak kong minamahal, —paawit ang pagkakasabi ni Senyang sa mga salitang iyon, —sulo nitong aking buhay; ano'ng iyong kasalanan at ikaw ay ginaganyan?

Sa tanong na iyon ay tumugon si Hesus: —O, Ina kong sakdal dikit; karamay ko sa hinagpis; itong aking napagsapit; asahan mong siyang ibig ng **ama** kong na sa langit.

Napakahusay ng kanilang pagkakaganap. Buhos na buhos ang kanilang damdamin. Kaya, pagkakanlong nila sa telon ay dagling bumulong si Hesus sa birhen.

—Kangina'y iba ang ibig kong sabihin sa iyo. Sa halip na **ina** ay ibig kong palitan, ng, O, Senyang kong giniliw...

—Wala naman sa papel iyon, a, —at bahagyang napa-

(Sundan sa pah. 20)

Mga LIHAM At PAYO...

Ni MARISSA

MAKASASAGABAL ANG GAGAWING PAGLIHAM

BINIBINING MARISSA: Ako po'y isang dalagang may katamtamang gulang at ang katipan ko po'y nakatatanda sa akin ng isang taon. Siya po'y nakatapos na sa pagka-mananenggol at ako po naman ay tapos ng B.S.H.E. Siya po'y nakatakdang kumuha ng eksamen sa bar sa taong ito at sa kasalukuyan ay abalang-abala siya sa mga pagrerepaso. Mahal na mahal niya ako at siya naman ay gayondin sa akin. Subali't malimit po'y nakakaligtaan na niya ang dumalaw sa amin dahil sa paghahanda niya sa pagsusulit.

Ibig ko pong magkaroon siya ng isang inspirasyon samantalang nag-aaral. Batid kong ang aking pakalangin ay malaking bagay na makatutulong sa kanya, nguni't ibig ko pong makagawa ng higit pa upang siya ay lalong sigla han sa pag-aaral. Sa akala kaya ninyo ay makatutulong ang isang liham na punong-puno ng pagmamahal at pag-aalala upang siya'y lalong sigla han. Malaki po ang aking pagmamalasakit pagka't siya lamang ang lalaking natutuhan kong mahalin. —FE.

MAHAL KONG FE: Inaakala kong hindi na dapat pang sulatan ang iyong katipan. Ang pagrerepaso lalo na para sa isang abugado ay tutoong napakabigat at dito'y kinakailangan niya ang ganap na katahimikan at puspusang pag-aaral. Higit kang makatutulong sa kanya kung pababayaan mo muna siya habang hindi pa nakararaos ang pagsusulit. Ang higit na mahalaga ay ang iyong pag-unawa kung sakaling dumating ang mga pagkakataong hindi niya natutupad ang mga karaniwan ninyong tipanan o ang pagkasira ng kanyang mga pangako manminsan-minsan. At higit sa lahat ay huwag mong kalilimutang idalangin ang kanyang ikaĝagtagumpay. —MARISSA.

NAIS UMIWAS SA ISANG TALISUYO

BINIBINING MARISSA: Ako po'y dalagang may 17 taong gulang pa lamang at wala pang karanasan sa ngalang pag-ibig. Nguni't sa akin pong pinanganganserahan ay may isang binatang nangahas magtapat sa akin ng kanyang pagibig. Nagkunwari po akong napakabata pa ukol sa bagay na kanyang iniluluhog at wala akong nauunawaan sa kanyang mga sinasabi. Kaya ko po naman ginawa ang gayon ay dala ng katakutan kong masira ang aking pag-aaral.

Kitala po siya ng aking mga kapatid na lalaki nguni't wala silang nalalaman tungkol sa aming pagkakaugnayan. Simula po nang magtapat sa akin ang binanggit kong binata ay mataman kong pinag-aaralan ang kanyang mga kilos, nguni't ang nasasakisan ko ay pawang mga hindi ko naiibigan. Sa wari ko po ba'y isa siyang tastos kahit na siya nagaaral sa kolehiyo. Hindi ko po siya matutuluhang ibigin, lalo na kung umaabot sa pandiniy ko ang mga bagay na nauukol sa kanya. Ano po kaya ang nararapat kong gawin upang mapatigil ko siya? Mahal ko po ang aking mga magulang at kung ang isa man sa kanila ay makaalam ng aming pagsusugnayan samantalang ako'y nag-aaral pa ay hindi ko po malaman kung ano ang sasabihin nila sa akin. Pagpayuhan po ninyo ako, —ROSIE.

MAHAL KONG ROSIE: Hindi ko malaman kung anong pagkakaugnayan mayroon kayo ng lalaking ito gaya ng isinasaad sa iyong liham. Hindi ka maaaring sisihin ng sino man kung ikaw ay ligawan ng kasamahan mong ito sa pinanganganserahan. Walang sapat na dahilan ang sino man sa iyong pamilya upang ikaw ay kagalitan sapagka't wala ka namang nililoloob para sa lalaking ito. Kung tunay na natatakot kang lubha sa kanya, bakit hindi mo sabihin sa iyong mga kapatid na lalaki na tulungan ka nila sa bagay na ito? Nguni't ang lalong mabuti ay ikaw na ang siyang unang magsabi sa kanya. Kung ayaw niyang maki nig sa iyo, at saka ka gumawa ng naraapat na hakbang; ang lumipat ka ng tirahan o hingin mo ang tulong ng iyong mga kapatid. —MARISSA.

——oOo——

AYAW SA BINATA ANG MAGULANG NG BABAE

BINIBINING MARISSA: Ako po'y isang dalagang may 18 taong gulang. Hindi ko po maunawaan kung isang pagkakasala ang ako'y umibig sa isang t a t a k i n g itinitibok ng aking puso. Siya po ay magalang, mabait at maunawain, nguni't ang tanging kapintasan po lamang niya ay ang kanyang karalitaan. Sa ganang palagay ko po ay siya lamang ang lalaking maaaring makapagpaligaya sa akin. Nguni't mahigpit po ang pagtutol ng aking mga magulang sa aming pagibigan at binalaan pa nila akong kapag ipinagpatuloy ko ito ay hindi na nila ako pakikialaman. Mahal na mahal ko po ang aking kasintahan at mahal ko rin po naman ang aking mga magulang:

Alin po kaya ang dapat kong panigan, ang aking magulang o siya na aking kasintahan? Sa tuwi ko pong tatanungin ang aking sarili ay hindi ko yata magagawang limutin siya sapagka't na sa kanya ang mga katangiang hinahanap ko sa isang lalaking pinapangarap kong makasama-habol. — LAGING NANINIMDIM.

LAGING NANINIMDIM: Sa paraan ng iyong pagtatapat ay maliwanag kong napaglilala ang kabataan mo sa pag-iisip. Wala ka pang sapat na kakayahan upang magpasiya sa iyong sarili. Dapat mong unawain na ang mga bagay na kababanggit kong ito ay siyang mga pangunahing tandang dapat taglayin ng isang babaing nagbabalak lumagay sa tahimik. Hindi ipinagkakasala ng sino

(*Sundan sa pah. 31*)

Pakikipanayam

(Buhat sa pah. 12)

ayaw nilang mag-abala.

T. Hmm. Iyan po ba ang dahilan kung bakit nagkakaroon tayo ng suhulan pagdating ng halalan?

S. **Tama, sapagka't yaong mga tinatamad ay napasisigla ng halagang inilabot ng ilang pulitiko. Sa kasong ito ay naiulugsmi ang demokrasya. Ito rin ang nagiging sanhi ng pagkakaroon ng mga "flying voters".**

T. Paano po iyan maiiwasan?

S. **Ang bawa't mamamayan ay kailangang lumahok nang puspusan sa pulitika ... paglahok sa pamamagitan ng pagtunghay sa mga nangyayari sa paligid at pagbibigay ng mungkahi sa mga nanunungkulan. Kapag nalsaisip ng bawa't isa na siya'y bahagi ng kabuuan ng bansa, sila'y magkakasama-sama sa pagtataguyod sa isang layunin — ang pagliilngked sa bayan. At sa araw ng halalan, makikilala nila ang mga dapat ihalal.**

T. Ano po ang kabuluhan ng pagsasama-sama?

S. **Maitataboy ang "mararuruming" pulitiko, ang pamahalaang inasam ng mga mamamayan ay mapapasakanila, at mabubuhay ang tunay na diwa ng Demokrasya. (X)**

——oOo——

Kayo At...

(Buhat sa pah. 9)

Alam na natin na ang pinakamahalagang gawain ng inyong sanggol sa mga unang araw nito ay ang kumain, matulog at lumaki. Kung malusog siya, ang lahat ng ito ay magagawa nang walang anoman. Kaya't sa mga unang linggo, siya ay natutulog nang halos maghapon, at nagigising lamang kung gutom o basa. Kumakain ng malakas kung nagugutom at dumuduml at umiihi kung ibig. Ngunit di laging ganito ang nangyayari, kaya't dito nagsisimula ang pag-aalaala ninyo. Ang ilan sa mga dapat gawin sa mga unang araw ay tatalakayin pa sa kabanatang ito.

Ang Pusod:

Ang pusod ng bata ay isa sa mga nagbibigay balisa sa mga magulang. Sa karaniwan, ang nakakabit sa pusod ay natatanggal na sa ikalima hanggang ikasampung araw; paminsan-minsan, ito'y tumatagal ng mga 20 araw din o hanggang isang buwan. Pagkatapos na ito'y matanggal, hindi kailangang lagyan ng ano mang gamot na pulbos o pomada. Linisin lamang ang pusod ng alkohol na 70% at tekpan ng mahinis na gasa. Nangyayari rin ang nakakabit sa pusod ay nagdurugo pagkasilang ng sanggol dahil sa hindi marahil natalian itong mahigpit o may kapansanan sa dugo ang sanggol. Ang mga nararapat gawin ay ibabatay sa dahilan ng pagdurugo kaya't mabuting isangguni ito sa inyong doktor. Maaaring namamaga ang nakakabit sa pusod dahil sa impeksiyon. Maaari rin namang pinasok ng mikrobyo ang butas na naging dahilan ng impeksiyon ng dugo (septicemia), o tetano ng bagong silang. Ang dalawang dahilang ito ay maselang at nagiging simula ng pagkamatay ng bata. Kadalasang nangyayari ito sa mga sanggol na ipinanganganak sa bahay na ang mga gamit ay hindi lubhang malilinis.

Itinatanong din ng mga ina kung kailangan ang mga bigkis. Ayon sa matatanda at inyong mga kakilala, ang bigkis

(Sundan sa pah. 27)

Mga Sulat ...

(Buhat sa pah. 5)

raang araw (huwag naman ninyong ikagalit ang pagsasabi namin ng tutoo). Bakit hindi ninyo dagdagan ang inyong mga nobela? Sa palagay po namin ay lalong mainam kung daragdagan pa ninyo ang nobela, lalo't magaganda, pagka't iyan ang isa sa mga sinusubaybayan ng mga mambabasa sa alin mang magasin. Sa ngayon, ay iisa lamang ang nobela ninyo. Kung mararagdagan pa ay lalo sanang mainam. — *Felix Dimaculangan, Ermita, Maynila.*

Salamat sa inyong mungkahi Mayroon ho kaming ilalabas na isa pang nobela, na parang nataon sa inyong liham ay nagsisimula sa bilang na ito. Inaasahan naming ito'y makapagdudulot sa inyo ng kasiyahan. —Ed.

———

PAGKAKATAON SA MGA KABATAAN...

Ang Magasin ng BAGONG BUHAY ay nagaanyaya sa mga kabataan, nagsisipag-aral o hindi man, na magpadala ng kanilang maiikling akda (maaaring kuwento, sanaysay, artikulo o iba pang lathalain) at ilalathala namin kailanpama't maaari. Ito'y ibinunsod namin upang bigyan ng pagkakataon ang mga kabataang mahilig sumulat na makapagpalathala ng "mga bunga ng kanilang panitik."

Ang bawa't ipadadalang akda ay huwag kukulangin sa isang pahina at huwag namang hihigit sa dalawang pahina ng karaniwang papel-makinilya at makiniliyado sa dalawang patlang. Maaari ring sulat-kamay, kailangan nga lamang na maging maliwanag ang pagkakasulat.

Ang bawa't malathalang akda ay pagkakalooban ng ₱5.00 pabuya.

Samantalahin ang pagkakataong ito. Maaaring ito na ang maging tuntungan sa pagliikha ng pangalan ng sinumang karapat-dapat tanghaling kuwentista o manunulat.

Ipadala ang inyong akda sa: *MAGASIN NG BAGONG BUHAY, Gusaling Times, Florentino Torres, Maynila.*

Ilang pahina po ba sa papel makinilya ang karaniwang maikling kuwento? May sinusulat po akong kuwento, ngunit'i hindi ko malaman kung ilang pahina ang dapat kong sulatin, na siyang hinihingi ng inyong patakaran. — *Benigno D. Perez, Sta. Cruz, Maynila.*

Wala hong tiyak na bilang ng pahina. Na sa inyo kung ilang pahina nais ninyong gawin ang inyong kuwento. Ngunit'i lalo sanang mabuti kung mga 6 o 7 karaniwang papel makinilya, makinilado sa dalawang patlang. —Ed.

——oOo——

Ulilang...

(Buhat sa pah. 18)

ng upuan niya. —Nakikita na kita.

Dahan-dahan uling lumabas ang ulo ng bata.

—Ano ang ginagawa mo riyan? —tanong ni Rafael at pumalit siya at hinarap ang kanyang maliit na sakay.

—Inabot po ako ng ulan, —nanginginig ang tinig na sagot ng bata. —Wa-wala po ‘Pong masilungan... naisipan ko pong buksan ang auto at sumakay po ako.

—Bakit hindi ka pa bumaba nang huminto ang ulan? —usig ni Rafael.

—Na-nakatulog po ako, — sabi ng bata. —Nagising po ako nang dumating kayo. Natakot po ako kaya nagtago na ‘ko dito.

Naisip ni Rafael na maaaring nagsasabi ng tutoo ang bata. Napagmasdan niya sa tulong ng ilaw sa loob ng kotse ang ayos ng bata. Yayat ito. Mahaba ang gulong buhok. Marusing ang mukha. Nakakamiseta lamang ng sando at maruming-marumi.

—Pero ano ang ginagawa mo sa tapat ng restauran? —sabi ni Rafael. —Kanginang umulan ay lampas nang ikasiyam. Ang isang batang katulad mo ay hindi na dapat gumagala sa lansangan nang gabi. Saan ka nakatira?

—Wala po.

—Wala kang bahay? —Tumawa si Rafael, pagka't batid niyang karaniwang nang sinasabi ng mga batang lumalaboy sa gabi na wala silang bahay o dili kaya'y ulila na silang lubos. —Ilang taon ka na ngayon?

—Walo po.

—Walong taon ka nang wala lang bahay, ano?

—Umalis po ako sa amin. nagtanan ako.

—Bueno... bueno, bumaba ka na, —sabi ni Rafael, pagka't hindi na niya ibig na marinig ang kung anu-anong kasinungalingan sa labi ng bata.

Binuksan ni Rafael ang pinto ng kotse. Bumaba ang bata. Pinatakbo na niyang muli ang auto.

(TUTULOY)

——oOo——

Sa Ibabaw Ng Gulod

(Buhat sa pah. 16)

tai sa malaking galit ang kanyang mga laman.

—Huwag mo na akong kilanling ama, Mario! —at napaiyak si Mang Karyas dahil sa pagkakalangkap ng galit at habag sa sarili na naghahari sa kanyang puso. —Ipakakasal kita kay Sela! Basta ako ang masusunod! At kung gusto mong sumuway... labanan mo na ako... huwag mo nang kilanlin ang aking pagka-ama pagka't sa pagsuway mo ay hindi na kita ituturing na anak. Itatakwil na kita!

Nanlulupaypay na napasandal sa upuan si Mang Karyas. At nang ilingap ni Mario ang tingin sa paligid ay saka lamang niya nakita ang kanyang ina na nakatayo sa kanyang likuran. Nagising iyon kangina pa nang sila'y magkalngay na mag-ama

Hindi na kumibo pa si Mario. Tumindig siya at nagpalit nang damit saka nagtungo sa silid na tinutulugan nilang magkapatid.

Matagal pa rin bago nakatulog ang mag-asawang Mang Karyas at Aling Inggay. Mahina ang kanilang usapan. Pinag-uusapan nila si Mario na sa lahat ng mga anak nila ay siyang labis na nagpapasakit ng kanilang ulo.

Nang magkagising kinabukasan ang mga tao sa bahay sa gulod ay hindi na nila nagisnan si Mario. Wala ito sa higaan. Hinanap nila sa bakuran. Nagpunta pa sa mga kapitbahay sina Fred at Victor at ipinagtanong ang kanilang kuya, ngunl't wala, talagang wala si Mario.

Napaiyak si Aling Inggay.

—Wala na... umalis na ang anak ko... umalis na!

—Huwag mong sabihing anak mo siya! —ang galit na wika ni Mang Karyas na nakatiim-bagang. —Mula ngayo'y wala tayong anak na panganay. Patay na si Mario mula ngayon!

Hindi kumikibo si Linda na nakamasid lamang sa magasawa. At nang hindi na siya makatiis ay nagtatakbo sa silid at doon iibim na umiyak.

(TUTULOY)

——✩——

Pagkatapos Ng...

(Buhat sa pah. 19)

ngiti ang dalaga.

Ang ngiting iyon ay hindi nakatanan kay Serafin. Muli siyang bumulong.

—Ang mga parusang ibinigay sa akin ng mga Hudyo ay tinitiis ko nang dahil sa iyo. Namamanhid ang aking buong katawan sa kanilang mga hampas. Ngunit di ko alintana ang lahat pagka't ibig kong tayo'y magkalapit. Kung hindi dahil sa iyo ay hindi ako papayag na maging **pamalit na kristo.**

—Sinungaling... dati ka nang **kristo** sa Senakulo...

—Oo nga, pero... —lumayo na ang dalaga, kaya hindi na itinuloy ni Serafin ang pagpapaliwanag.

Pagkaraan ng ikatlong pagkakadapa ay ipinako na si **Hesus.** Napapangiwi si Serafin dahil sa kagat ng lamok at niknik na pagkasalimbay sa ilaw na **koleman** ay sa kanya dumadapo. Ibig niyang ipahalata iyon sa mga **Hudyo,** ngunl't hindi niya magawa pagka't masisira ang takbo ng kosaysayan.

Nang sumapit ang **pagkamatay** ni Hesus ay lalong nahirapan si Serafin. Hindi na siya makagalaw. Magiging ka-

(Sundan sa pah. 30)

ni EDGAR RICE BURROUGHS

Tarzan

...AT NAGBUKANG-LIWAYWAY. PAGKATAPOS MABATID ANG IPINAGTAPAT NI WALTER, TATLONG NILIKHA ANG NAIWAN SA PAG-IISIP.

HINDI NAGTAGAL, BUMALING ANG KINAKABAHANG SI JOE RICE KAY KATHY. "HINDI AKO MAHUSAY MANGHIKAYAT--NGUNI'T, BAKIT AYAW MONG MAGBALIK SA LUNSOD AT MAGBAGONG-BUHAY--"

"A-AKO'Y PUPUNTA ROON, UPANG MAKITA ANG AKING PAMILYA--MARAHIL AY NANAISIN MONG MAKILALA SILA--ANG IBIG KONG SABIHI'Y--"

PICK VANBUREN
JOHN CELARDO

TUMAWA SI TARZAN. "HALINA KAYO--HUMANDA KAYO AT MAHABA ANG LALAKARIN NATIN PATUNGONG BAYBAYIN."

...PAGKARAAN NG ISANG LINGGONG PAGLALAKBAY, ANG TATLO AY SUMAPIT SA DAUNGAN NG LUANDA, NA NASA KANLURANG APRIKA.

Distr. by United Feature Syndicate, Inc.

INIHATID NG TAONGUNGGOY ANG KANYANG MGA KAIBIGAN SA PIYER. AT NAGSIMULANG UMUSAD ANG SASAKYANG TUTUNGO SA AMERIKA--

NAGSIMULA NA NAMAN ANG ISANG BAGONG YUGTO ...SAPAGKA'T HABANG MINAMASDAN NI TARZAN ANG PAPALAYONG BAPOR, SIYA NAMAN AY SINUSUBAYBAYAN NG NAGBABANTANG MGA MATA."

Si MANDRAKE ang SALAMANGKERO

mula LEE FALK at PHIL DAVIS

HABANG NAGLALAGOS SA KALAWAKAN ANG DAMBUHALANG SASAKYANG PAMINSAN-MINSANG TUMITIGIL UPANG KAUNIN ANG MGA NAGNAIS SA IBA'T IBANG PLANETA--

HINDI PALA NAPAIBIG NI MAGNON, EMPERADOR NG ISANG MILYONG PLANETA, ANG BABAING KANYANG ITINATANGI. ANO PA ANG NALALAMAN MO?

SABIHIN MO ANG TUNGKOL NAMAN SA BABAE!

1

"SI CAROLA, ANG EMPERATRIS NG LABINDALAWANG PLANETA, AY BATANG-BATA, MAGANDA AT NAPAGMALAKI."

2

KAHIT NA NAGING EMPERADOR KA PA NG BUONG KALAWAKAN, HINDI KA PA RIN KARAPAT-DAPAT! KAHIT NA SINUMAN AY HINDI! AKO ANG PINAKAMAGANDANG BABAE SA BUONG SANLIBUTAN.

"HINDI PA NATATAGALANG TINANGGIHAN NIYA ANG INILULUHOG NA PAG-IBIG NI MAGNON."

!

3

MAPAGMATAAS! MARAMOT! IPAKIKITA KO SA IYO. HAHANAP AKO NG ISANG DOSENA--ISANG MILYONG BABAING HIGIT NA MAGANDA KAYSA SA IYO!

SUMUSONG KA, HANGAL. ALAM NONG IYA'Y IMPOSIBLE.

4

"ANG DAKILANG MAGNON AY NAG-UTOS--AT SA SAMPUNG MILYONG MAY OKSIHENONG PLANETA AY NAGSIMULA ANG TIMPALAK-KAGANDAHAN."

5

KING FEATURES SYNDICATE, Inc., WORLD RIGHTS RESERVED.

2-24

AT IYON ANG DAHILAN NG TIMPALAK NA ITO. ISANG BIGONG EMPERADOR!

HINDI INALINTANA NI MAGNON ANG NGA GASTOS MAPAMUKHAAN LAMANG NIYA SI CAROLA.

LAHAT AY KAPANI-PANIWALA NA NGAYON.

6

SUSUNOD: ANG PLANETANG MAGNA!

Si Gus at Si Jaq
mu WALT DISNEY
PINAGPATULOY NG MGA "PAGIS" ANG PUSPUSANG PAGSASALIKSIK SA LUMANG KASTILYO SA PAGHAHANAP SA ALPILER NI SINDERELA...
ZUK ZUK! HANAP NANG HANAP! WALANG TITIGIL HANGGANG HINDI NATIN NAKIKITA!
OH, NAKITA MO BA ANG ALPILER NI SINDERE--
'OOOPS! SORRY, HA?
ISANG PANGKAT ANG NAG-RAID SA BAKURAN...
NAKITA MO BA ANG ALPILER, PUTAK?
NAKITA MO'NG ALPILER, MUNTING BIBI?
?
TAP
TAP
NAKITA MO BA'NG ALPILER, TWIT TWIT?
NANG MAGTAGAL...
NASALIKSIK NA NATIN ANG HEAVEN AND HELL -- WALA PA RIN!
MAYROON PA TAYONG HINDI NAPUPUNTAHANG OBJECTIVE!
2-24
ANG PUGAD NI LUCIFER!
SNAP!
© 1957 Walt Disney Productions World Rights Reserved
P=PUGAD NI L-LUCIPER?
TITINGNAN KO KUNG NASA KANYA ANG ALPILER NI SINDERELA!
Distributed by King Features Syndicate
ITUTULOY

NANG MAKAPAGHAIN SI EPANG AT MAKITA NIYANG BUONG KAGAHAMANG NANGAGSIDULOG ANG KANYANG MGA ANAK AY NAPATALIKOD SI BANDONG...
Guhit ni TEMY BAUTISTA
AKIN 'TO! AKIN 'TO!
WALA NA, 'NAY? WALA NG ULAM, HA, 'NAY?
AKIN NA 'NG ULO! ULO LANG!
ANG MGA ANAK KO...
DALI-DALI SIYANG NANAOG... NA WALANG TIYAK NA PATUTUNGUHAN... UPANG UMUWING TULAD NG DATI...
SAAN KAYA KUMUHA SI EPANG NG KANILANG HINAPUNAN? PINAUTANG KAYA SIYA NI TAN?
MATAGAL NA SIYANG NAKAHIGA'Y AYAN DUMATING ANG ANTOK NA PINAKAHIHINTAY NIYANG PUMAWI SA PANGANGALAM NG KANYANG SIKMURA. SARI-SARING BALAK ANG MABUO-MAWASAK SA KANYANG DIWA...
KAILANGANG GUMAWA AKO NG PARAAN... KAHI'T ANONG PARAAN! MAMAMATAY SILA SA GUTOM!
NAGBANGON SI BANDONG AT MULING ISINUOT ANG DAMIT NA KAHUHUBAD AT HALOS PIGIL ANG PAGHINGANG TINUNGO ANG PINTUAN...
LINTIK NA...
'TAY...!
GUTOM
ni NESTOR REYES
SAAN KA PUPUNTA, HA, 'TAY?
WALA, INENG... WA-LA. DI--DIYAN LANG SA LABAS. SIGI, MATULOG KA NA...
MATAGAL BAGO TUMAYO SI BANDONG. PINAGSAWA MUNA NIYA ANG PANINGIN SA PAGTUNGHAY SA WALANG MALAY NA MUKHANG NANGAKAPINID ANG MGA MATA...
HINDI! HINDI KO MAGAGAWANG MAGNAKAW... UPANG IPAKAIN SA KANYA! HINDI KO MADUDUNGISAN ANG NATITIRANG YAMANG MAIPAMAMANA KO SA KANILA... ANG AKING DANGAL!
MALABIGA ANG TAO, WALANG NAKIKILALANG HABAG... KAHI'T NAKIKITANG NAGUGUTOM... NANGANGAILAN ANG KAPUWA! AT KUNG AKO'Y MAHULI... SILA ANG UUPASALAN!
AT NAGUNITA NIYA ANG TAGPO SA DULANG-KAINAN... ANG KANYANG PAKIKIPAGKITA KAY GANOON AT KAY GANITO UPANG KAHI'T PAPAANO'Y KUMITA... AT ANG LAHAT NG KASAWIANG WARING IBINUNTON NANG LAHAT SA KANYANG BALIKAT...
BAKIT? DIYOS NA MAHABAGIN, BAKIT? BAKIT AKO NA LANG ANG TANGING...?
MULI NIYANG NARING ANG KAHOL NG AGONG WARING NAKAKAULINIG SA IMPIT NA IYAK AT USAL NA NAGWAWASAK SA KANYANG MGA LABI, AT NAPATAAS ANG KANYANG MUKHA... NAPATITIG SIYA DITO...
HINDI! KAILANGAN NILANG MABUHAY... KAILANGAN NILANG KUMAIN... KAHI'T PAPAANO!
DALI-DALI SIYANG LUMABAS SA BATALAN. HINDI SIYA NATAGALAN AT MULING ITINAMBAD NG BAHAGYANG LIWANAG ANG KANYANG BUONG KATAUHAN...
KAKAIN SILA NGAYON... KAKAIN SILA...
DAHAN-DAHANG HUMAKBANG SI BANDONG... PATUNGO SA KINAHIHIGAN NI INENG. WALANG KAMALAY-MALAY ANG BUNSONG ANAK NI BANDONG...
BANTAY... TUU... BANTAY...
WAKAS

"VILLA MUERTE"

Nobela ni
PATROCINIO R. MARCELINO
Guhit ni
ELMER ESQUIVIAS

IKA-2 Labas.

Ang nakaraan—

NOON AY ENERO 27, 1947...APAT NA LALAKI ANG NANGHOLD-UP SA ISANG BANKO SA MAYNILA AT NAKATAKAS NG KULAAN-KULANG NA ISANG MILYONG PISO. SA KANILANG PAGTAKAS, NABARIL NG PINUNONG SI DORO ANG TAUHAN NG BANKO. SA KALILA NG TAGUAN SA LALAWIGAN, BINARIL NI DORO ANG TATLONG KASAMA UPANG MASARILI ANG SALAPI. NGUNIT SA LAHAT NIYA'Y HINDI SIYA TAPAYAN ANG SALAPI AT IBINAON, SAKA LUMULAN SA ISANG BUS PATUNGONG MAYNILA.



KUNG ALAM LAMANG NG MAG-ASAWANG ITO ANG TUNAY NA KATAUHAN NI DORO,! HUWAG HINDI BA-SAHIN ANG KARUG-TONG.!

ITUTULOY!

"Remember Me"

(Alaala Kita, Mahal Ko...)

NAGTAKA SI TERESA NANG PUMASOK SILA SA BAKURAN NINA LEANDRO AT IDAGTAPAT NG BINATA NA DOON SIYA PATUTUGTUGIN NITO...

SA PAGKAKATAONG ITO AY IPAKIKILALA NATIN SA MADLA NA IKAW AY ISANG BABAING DI ALANGANG IBILANG SA LALO MANG MGA TANYAG NA TAO SA LIPUNAN, TERESA!

NGUNI'T...

NAGBABATINGAN NA ANG MGA PANAUHIN SA TAHANAN NINA DON FILEMON MIJARES NANG MAPANSIN NINA LULU NA WALA SI LEANDRO. SAMANTALA, SAKAY NG KOTSE SI LEANDRO, KASAMA SINA TERESA AT RENE...

..BAKIT PA NINYO INISIP ANG GANITO, MISTER MIJARES? ANO ANG TUNAY NA DAHILAN?

WALA NAMAN KUNDI ANG NASABI KO NA SA IYO KANINA: UPANG IPAKILALA SA LAHAT, LALONA KAY LULU, NA HINDI KA NAPAKAHAMAK NA GAYA NG KANILANG PAGKAKA-AKALA!

PUMAPASOK NA ANG TATLO SA BULWAGAN, NANG SUMALUBONG SI DON FILEMON...

SAAN KA BA NAGPUNTA, LEANDRO, AT BIGLA KANG NAWALA? HINAHANAP KA NG ATING MGA BISITA...

SINUNDO KO LAMANG, PAPA, ANG ISANG LALONG MAKAPAGBIBIGAY-KULAY SA PAGTITIPONG ITO!

SINASABI KO NA NGA BA'T.. PERO HINDI MASAMA! KUNG DITO MO SIYA PATUTUGTUGIN AY LALONG MABUTI! MALILIBANG LIBANG ANG ATING MGA PANAUHIN AT KIKITA PA SIYA NANG MALAKI!

TULOY KAYO, MAHARLIKANG BINIBINI!

SA-LALAPIT SI LULU, AT NANG MAKILALA ANG KASAMA NI LEANDRO AY PAKUTYANG...

AT KASAMA MO PALA ANG PRINSESA NG MGA PULUBI, LEANDRO! KAYA PALA NAWALA KA AT SUMAT!

PARANG NANLILIIT SI TERESA, LALONA NANG MAPANSIN SA KANILA NAKATINGIN ANG MARAMI. HINDI NA HINANGAD NA SAGUTIN PA NI LEANDRO SI LULU. MATAPOS TINGNAN ITO NANG MAKAHULUGAN AY INIHATID SINA TERESA SA ISANG DAKO NG BULWAGAN...

UMUPO KAYO, TERESA... AT IPALAGAY NINYO ANG INYONG KALOOBAN! HUWAG NINYONG PANSININ ANG SINABI NI LULU!...AKO ANG BAHALA...

GAYA NG NAKATAKDANG GANAPIN, PAGKARAAN NG ILANG SANDALI AY SINIMULAN ANG PALATUNTUNAN. SI DON FILEMON ANG NAGBUKAS SA PANAMATIKAN NG TALUMPATING NAGPAPAHAYAG NG PAGLULUNSAD NIYA NG KANDIDATURA...

...MINARAPAT NAMING IDAOS SA GANITONG ORAS ANG PAGTITIPONG ITO UPANG HIGIT NA MAGING KASIYASIYA SA INYONG LAHAT, MGA KABIGAN!..AT BAGO AKO MAGWAKAS, NGAYON PA'Y INAASAHAN KO NA ANG INYONG MAHALAGANG TULONG AT PAKIKILIK UPANG IHANDOG SA AKIN ANG PAGKAKATAONG MAKAPAGLINGKOD SA ATING BAYAN!

SUMUNOD ANG MGA UNANG BILANG NG PALATUNTUNAN: AWIT NG ISANG DALAGANG PANAUHIN... TUGTUGIN SA PIYANO NG ISANG GINANG, AWIT ULI NG ISA PANG BABAE,...

AT NGAYON NAMAN, MGA GILIW NAMING PANAUHIN, AY ISANG NATATANGING BILANG! ITO'Y GAGAMPANAN NG ISANG DALAGANG SA AKING MATAPAT NA PAGKAKILALA AY MARAPAT NATING ISANG GINTONG NASA PUSALIAN...MAGPAPARINIG SIYA SA ATIN NG MAIKLI NA TUGTUGIN...SA AKORDIYON...

MAY PANANABIK NA HININTAY NG LAHAT ANG BILANG NA YAON. NILAPITAN NI LEANDRO SI TERESA, INALALAKBAYAN HANGGANG SA MAY ORKESTA AT MATAPOS IGALA ANG TINGIN AY....

SI BINIBINING TERESA MARQUEZ... ANAK NG YUMAONG KOMPOSITOR NA SI SENYOR FEDERICO MARQUEZ!

DIYATA'T SIYA'Y ANAK NI SENYOR FEDERICO MARQUEZ!

BIHIRA ANG DI NAKAKIKILALA SA YUMAONG KOMPOSITOR NA GUMIMBAL SA BUONG MAYNILA ANG NAGING MAHIWAGANG KAMATAYAN. AT NGAYO'Y ISANG HIWAGA PA RIN SA LAHAT ANG PAGHARAP SA KANILA NG ANAK NITO — SA GAYONG AYOS AT KALAGAYAN...

PARANG HINDI KAPANI-PANIWALA!... BAKIT GANYAN ANG KANYANG HITSURA!...

HINDI BA IYAN ANG PULUBING MANUNUSTOG SA LANSANGAN!

TILA NGA...

NATAHIMIK ANG LAHAT NANG TUMUSTOG SI TERESA, SA SALIW NG ORKESTA. HINDI MAIKAKAILA ANG PAGHANGA NG LAHAT, MALIBAN KAY LULU NA MAY PAGKAMUHING...

ANG WALANGHIYA!... HINDI NA NAKUTYANG DITO MAGPALABAS!... MAKIKITA MO MAMAYA...! HUMMMM!

ITUTULOY

Dahil Sa Kaalaman Ng Marami, Ang Marilag Na Si Gloria Romero Ng Sampaguita Pictures Ay Nagkaroon Na Ng Tinatawag Na "Unang Pag-ibig" Na Hangga Ngayo'y Inaari Niyang Isang Yaman Ng Kanyang Puso!

HINDI kaila sa madla na marami ang nangingibig kay Gloria Romero, ang maluning-ning na bituin ng Sampaguita Pictures. Nguni't hanggang ngayon, walang makapagsa-bing may nagmamay-ari na ng kanyang puso. Ang lahat ay naniniwalang hindi pa siya umiibig, at aywan kung sino ang magiging mapalad sa kan-yang pagmamahal pagdating nang araw.

Subali't ang tutoo, si Glo-ria'y minsan nang umibig. Ang pag-ibig niyang yaon ay inala-alagaan ng kanyang pu-so sa loob ng matagal na pa-nahon at hanggang ngayon ay itinuring isang yaman ng kan-yang gunita.

Maganda ang mga pangya-yaring naglapit kay Gloria at sa nilikhang nag-aangkin ng kanyang unang pag-ibig. Hindi pa niya nalilimot ang lahat.

Linggo noon ng hapon. Nag-luluto siya ng cake para sa ilang kaibigang dadalaw sa kanila, nang mapalingon siya sa dakong bulwagan. Narinig niyang tila may kausap ang kapatid niyang bunsa, si Tito.

"Umupo ka muna, ha?" Malinaw na dumating sa kan-yang pandinig ang malakas na salita ng kanyang kapatid.

"Tatawagin ko ang Ate, ipa-kikilala kita..."

May pananabik na iniwan ni Gloria ang kanyang niluluto at sumilip sa pinto. Biglang lumakas ang tahip ng kan-yang dibdib. Isang makisig na lalaki ang nakaupo sa kani-lang supa. Mukhang maginoo, mabikas ang anyo at sa unang malas pa lamang ay aakit na ng paghanga.

Muntik na siyang mahuling nakasilip sa pinto nang lu-mabas si Tito.

"Ate, may kasama ako," ang masayang wika. "Halika't ipakikilala kita."

"Aba, huwag! Natatakot ako!" sabi niya.

"Bakit ka matatakot? Para ipakikilala lang, e..." Napa-ngiti ang kanyang kapatid. "Saka, mabait siya... hindi nangangagat!" ang biro pa.

Napahinuhod na si Gloria. Masayang lumabas at nakipag-kilala sa bagong panauhin.

Nabatid ni Gloria ang lahat, sa pagpapaliwanag na rin ng kanyang kapatid. Ang lalaking iyon ay si Willie. Si Willie ay ulila nang lubos. Pinalayas si Willie ng tinitirhang masu-ngit na matandang babae. Ang matandang babaing iyon ang nakapisan ni Willie buhat nang ito'y iwan ng inang su-mama sa ibang lalaki mata-pos isilang si Willie. Malung-kot ang buhay ni Willie. Sa kabila ng matapat na pagli-lingkod sa matandang babaing itinuring na panginoon ay pa-natiling busabos at di nakadra-ma ng saglit mang kaligaya-han. Masamang ugali ang ma-tandang babae. Hindi isina-salo sa pagkain si Willie at kadalasa'y hindi pa pinakaka-kain. Kinagagalitan pa at ina-alimura kapag nahuling du-mudukot ng ulam sa paming-galan. At nitong huli, dahil lamang sa isang maliit na pangyayari ay pinalayas si Willie. Nagluto ng masarap na ulam ang matandang babae at ipinagbiling tingnan ni Willie. Subali't nang duma-ting at malamang kinain ng pusa ang ulam ay si Willie ang napag-initan. Pinalayas nga si Willie pagka't wala raw silbi. Palamunin lamang. Hindi ma-pagkatiwalaan gayong malaki na at husto na ang isip.

Nakita ni Tito si Willie. Ang nagturo ay isang kakilala ng binata na kapitbahay ng masungit na matandang ba-bae. Iyon ang nagsalaysay kay Tito ng malungkot na kasay-sayan ni Willie.

Nahabag kay Willie si Tito. Sinabi kay Willie na kung nais nito'y doon na tumira sa kanila —kina Gloria. Hindi sumagot si Willie. Namumula ang mga matang bahagyang tumango, at pagkuwa'y napa-tungo.

Sapat na ang inasnyo ni Willie upang maunawaan ni Tito na sumasang-ayon iyon. Kaya ipinagsama na nga sa kanila.

"Inaasahan kong magiging mabuti kayong magkaibigan, Ate," wika pa ni Tito, saka bumaling kay Willie. "At ikaw naman... magpapakabait ka sana, ha? Ang aming tahanan ay ituring mong parang sarili. Huwag kang mahihiya..."

Gaya nang unang kausapin ni Tito si Willie, napatungo lamang ito at hindi rin nag-salita. Iyon ang isang bagay na dagling napansin ni Gloria kay Willie: kimi at mahiyain.

"Bago pa lamang siguro, kaya gayon..." naisaloob ni Gloria.

HINDI MALAMAN ni Glo-ria kung bakit naging lagi si-yang masigla at masaya buhat nang mapatira sa kanila si Willie. Malimit niyang kau-sapin si Willie. Kung minsan ay magkasama silang nana-naog sa halamanan at doon nagpapalipas ng mga sandali. Nakadarama ng kaligayahan si Gloria tuwing pagmamasda-an si Willie. Magandang la-laki si Willie, naisasaloob ni-ya. Mapalad ang babaing pag-lalagakan ng pagmamahal ni Willie.

Maging sa mga oras ng pag-tulog, nagtataka si Gloria kung bakit si Willie ang ma-dalas maglaro sa kanyang gu-niguni. Parang nakikita niyang lagi ang maamong mukha ni Willie, ang alun-along buhok nito, ang matikas na tindig at mabikas na pangangatawan. Sa kabuuan, si Willie ay isang pangarap, nasasabi sa sarili ni Gloria.

At sa paglipas ng mga araw, sa pagsasama nila sa lilim ng isang tahanan, nadama ni Gloria ang pagsilang sa kan-yang puso ng kakatwang dam-damin. Kapag dumarating si-ya ng bahay mula sa istudyo ay si Willie agad ang hina-hanap ng kanyang paningin. Nalulungkot siya kapag wala si hindi niya iyon dinatnan. Sa buong maghapon ay di ma-aaring di niya kausapin si Willie. Ipinagtatapat niya kay Willie ang mga pangya-yaring naganap sa kanya nang araw na yaon. Inihihinga ni-

(*Sundan sa pah. 29*)

Ang Unang Pag-ibig ni Gloria

ni Benito R. Cadiz

Si Gloria, sa isang kabighabighaning anyo na makaakit ng sinomang lalaki! Kasama niya sa larawan sina Luis Gonzales, Dolphy at Norma Vales, pawang mga bituin din ng Sampaguita.

Kayo at ang ...

(*Buhat sa pah. 20*)

ay kailangan upang di pasukin ng hangin o kabag ang bata, o di kaya ay mapigil ang herniya at pagsasakit ng tiyan. Ito ay hindi totoo. Ang bigkis ay kailangan lamang upang ipantali sa takip sa pusod hanggang ito ay matuyo, nguni't di na kailangang gamitin pagkatuyo ng pusod. Ang bigkis ay nagpapahirap lamang sa bata at nagbibigay-init. Lalong matiwasay at panatag ang sanggol na walang bigkis, lalo na kung panahon ng tag-init.

Ang Paligo:

Sa maraming panganakan, ang bata ay hindi kaagad pinaliliguan pagkatapos isilang. Ang sebo at ano mang bahid na dugo ay pinupunasan lamang. Ang kanilang palagay ay malapit pa raw na maimpeksiyon ang sanggol kapag pinaliliguan. Sa iba namang panganakan, isang karaniwang pagpapaligo na ginagamitan ng sabon at maligamgam na tubig ang ginagawa pagkapanganak sa sanggol at ito'y ginagawa sa araw-araw mali ban na lamang kung may dinaramdam ang bata.

Huwag kalilimutang takpan ang tainga ng bata sa pamamagitan ng mga daliri ng isang kamay kapag pinaliliguan, upang hindi pasukin ng tubig ang loob. Ang pagpapaligo sa bata ay madalian at ang pinakamabuting oras ay sa pagitan ng ika-7:00 at ika-11:00 ng umaga. Ang init ng tubig ay masusubok sa pamamagitan ng paglulubog ng daliri at ng siko. Halos lahat ng bata ay nasisiyahan sa pagpaligo at sila'y natutulog ng mahimbing pagkatapos. Ang mga sanggol na kulang sa buwan o napakaliit kaya ay nililinis ng langis, hindi tubig.

Ang Damit:

Ang gawi ng maraming mga magulang ay bibisang lagi ng marami ang mga bata sa takot na ito'y malamigan at magkaroon ng pulmoniya. Bukod dito ay isinasara pa ang mga bintana at mga pinto. Ang mga sanggol, gaya rin ng mga matatanda, ay naghahanap ng katiwasayan ng katawan. Sa init dito sa ating bansa, ay kailangang ang damit ng mga bata ay iyong maninipis at magagaan. Maghanda lamang ng isang damit na makapal o kumot kaya kung sakaling biglang lumamig sa gabi. Kapag ang damit ng bata ay makapal, siya'y papawisan at lalong madali siyang mahuhuli ng sipon. Dahil din sa init, pati ang tiyan ng bata ay nasisira. Kaya't lalong mabuti na damitan lamang ang sanggol ng isa o dalawang piraso na maluluwang at hindi nakadikit sa balat. Ang isang maaliwalas at mahanging silid ay siya ring gusto ng mga bata. Iwan ninyong bukas ang mga bintana nguni't iwasan ang pagdapo sa bata ng tuwirang simoy ng hangin.

Ang Bibig, Ilong, at Mata:

Maseselang ang mga bahaging ito sa mukha ng bata kaya't dapat iwasan ang paghipu-hipo hanggang hindi lubhang kailangang linisin.

Ang mga mata ng sanggol ay inililigtas sa impeksiyon ng gonorheya sa pamamagitan ng isang paraang mahigpit na sinusunod pagkapanganak at itinatagubilin pa ng mga batas sa ibang bansa. Ang tawag dito ay "Crede's Prophylaxis" o pagpapatak sa mata ng sanggol ng 10% argyrol pagkatapos isilang. Ang isinusunod na pag-aalaga ng mata ay sa pamamagitan na lamang ng pagpahid ng ano mang dumi na makita rito. Ang paghuhugas ng 2% agua boricada sa araw-araw ay hindi kailangan maliban kung may pamamaga o lumalabas dito na nagpapadikit sa mata. Kung magkaganito man, mabuti na ang malaman kung maselang ang pamamaga o kung ito'y bahagyang kapansanan lamang.

Ang paglilinis din ng bibig ng bata ay hindi kailangan. Kapag binibigyan ninyo ng tubig ang bata sa pagitan ng pagpapasuso, ito na ang maghuhugas ng kanyang bibig. Ang maputi sa dila, sa loob ng pisngi, at mga gilagid ay duming nanggagaling sa di malinis na tsupon, kutsara, at mga bagay at laruang naisusubo ng bata. Kadalasang ito'y hindi nakakaano nguni't kapag kumakalat na, maaaring makapagpawala ng gana sa pagkain. Ang pagpapainom sa bata ay nakatutulong upang malinis ang gatas na maiiwan sa bibig. Maaaring ipanlinis sa puti sa dila ang mga panlinis na 2% boricada o "hydrogen peroxide" o 5% "bocarbonato de soda". Ang ibang panlinis dito ay kailangan nang itagubilin ng doktor.

Ang ilong at tainga ay linisin lamang kung may nakikitang duming na sa labas nito. Lalong mabuting pabayaan na at huwag paggagalawin ang loob ng ilong at tainga.

Ang Pagtulog:

Sa unang dalawa o tatlong araw, ang inyong sanggol ay matutulog nang mahimbing at tuluy-tuloy sa loob ng 22 oras. Sa mga sumusunod na linggo, matutulog siya sa buong maghapon at gigising lamang kung gutom o basa kaya. Habang siya'y lumalaki, ang oras ng pagtulog ay nababawasan, kaya't sa ika-6 na buwan, siya'y matutulog buhat sa 14 hanggang 16 na oras, at sa unang taon, matutulog siya buhat sa 12 hanggang 13. May malulusog din namang sanggol na hindi natutulog nang ganito katagal. Sanayin ninyo ang inyong anak na matulog nang mag-isa, at huwag kakalungin o ipagduduyan bago ilagay sa kanyang higaan. Lalong mabuti ang matuto siyang matulog nang mag-isa kung siya ay nag-aantok o oras ng pagtulog. Huwag gigisingin ang bata para kumain. Ingatang maging matiwasay ang bata upang mahimbing na lagi sa pagtulog. Ang biglang pagkagulat ng bata habang natutulog ay hindi ninyo dapat ikatakot. Ito'y nagbabalita na ang pakiramdam ng bata ay tumatalas na sa mga nangyayari sa kanyang paligid-ligid.

Pagbibilad Sa Araw:

Ayaw ng mga ina na ilalabas ang mga bata sa init ng araw sapagka't ito raw ay pagmumulan ng mga singaw o lagnat. Marahil ay hindi tayo marunong magpahalaga sa araw dahil sa mayroon tayo nito sa buong santaon. Sa mga bansang malalamig, sa unang hudyat ng tag-init, ang mga bata ay inilalabas upang ibilad sa init ng araw. Ang sinag ng araw ay may taglay ng "ultra-violet rays" na siyang lumilikha ng Bitamina D sa balat ng tao. Ang mga rayos na ito ay hindi nagdaraan o nagkakabisa sa mga kurtina, salamin sa bintana o sa makapal na alikabok, kaya't ang tuwirang pagbibilad ang kailangan. Ito ay dapat nang simulan kapag isang buwan na ang bata; mga ilang minuto muna sa simula hanggang maabot ng isang oras. Ingatan ding walang sakit o sipon ang bata bago ilabas sa arawan. Iayos sa kalagayan ng inyong anak ang pagbibilad na gagawin. Para sa kalahatan, ang pagbibilad sa araw sa isang magandang umaga ay napakabuti para sa mga bata.

(Sa susunod: "Pag-iingat at Pag-iwas sa Sakit")

Maging matalino sa katipiran at kaligtasan-

WHEN IT'S TIME TO RECAP INSIST ON

Firestone NEW TREADS

WALA PA SA KALAHATI NG HALAGA NG BAGONG GOMA



1. Dalawang Mapaggagamitan sa lansangan man o hindi
2. 48-65% lalim ng gilit ukol sa matagalang milyahe
3. Matigas at matibay na balas ukol sa dagdag na traksiyon
4. Buong "center ribs" ukol sa matagalang gamit

URI, HUSAY NG KAYARIAN, PAGLILINGKOD at MAHIGIT SA 50 TAONG KAALAMAN NG FIRESTONE

Makipagkita sa inyong tagapagbili o talyer ng awto ngayon at igiit ang

FIRESTONE NEW TREADS

Inyong Kaligtasan ang aming Tungkulin sa Firestone

Firestone TIRE & RUBBER CO. OF THE PHILIPPINES

MGA PLANTA SA PAGKUKUMPUNI NG GULONG AT RETREAD:

DABAW • MAYNILA • SEBU

MAKINIG SA "VOICE OF FIRESTONE" TUWING LUNES 8:30 -- 9:00 N. G. SA DZRH

MABUTING DAAN AY MABUTING BUHAY

Ang Unang ...

(*Buhat sa pah.* 27)

ya kay Willie ang ano man niyang suliranin at alalahanin. Kung minsan ay nahuhuli niyang nanunubok sa kanila ang kanyang kapatid. At kadalasa'y tinutukso siya niyon.

"Baka naman mapabayaan mo na tuloy ang mahahalagang gawain mo sa bahay dahil kay Willie!" pabirong wika sa kanya ni Tito, isang hapon. "Nahahalata kong lokong-loko ka kay Willie, a!"

"Hindi naman," sagot niyang waring napapahiya. "At sino naman siyang kalolokohan ko! Natutuwa lamang ako sa kanya. Masaya siyang kausap, hindi katulad mong parang walang gana at laging nakabara sa ano mang sabihin ko!"

Natawa lamang si Tito. At nang tumalikod ang kanyang kapatid ay hinanap na naman niya si Willie. Nakita niyang nakaupo iyon sa isang supa sa salas at nakatingin sa isang malaking larawan niya sa ibabaw ng hapag.

"Bakit pinagmamasdan mo ang retrato ko?" pabirong tanong niya kay Willie.

Hindi sumagot si Willie. Tinitigan lamang siya, at pagkuwa'y tila napahiyang nasok sa silid.

Sapat na ang inanyo ni Willie upang mabalata niyang muling umiral sa katauhan niyon ang likas na kakimian at pagkamahiyain. Subali't lihim siyang nagalak. Sa pagkakataong iyon ay napagkilala niyang may pitak din siya sa pagpapahalaga ni Willie. Mahal siya ni Willie, kaya pinagmamasdan ang kanyang larawan.

Subali't hindi nagtagal ang kaligayahang nakayakap ni Gloria buhat nang mabatid niyang mahal din siya ni Willie. Sapagka't si Willie ay inagaw sa kanila ng isang malupit na pangyayari.

Kapapanaog lamang niya noon ng bahay upang magtungo sa istudyo nang makarinig siya ng malalakas na hiyawan. Nagkakagulo sa tapat ng kanilang tahanan. Napatakbo siyang pahalik... at lumantad sa kanya ang isang malupit na tanawin! Kandong ni Tito ang duguang ulo ni Willie na noon ay wala nang buhay!

"Nasagasaan siya ng jeep, Ate!" napapaluhang sabi ng kanyang kapatid. "Susundan ka yata... at sa mabilis na pagtakbo ay di na napansin ang dumarating na sasakyan!"

Sa higlang bugso ng damdamin ay napahagulgol nang ivak si Gloria at nayapos ang bangkay ni Willie. Tinawag niya ang pangalan ni Willie ...ngunit hindi na siya marinig.

BUHAT NOON ay naging malulungkutin si Gloria. Araw-araw ay dinadalaw niya ang puntod ni Willie. Di niya mapigil ang pagluha kapag pinanununghan niya ang umbok ng lupang kinalalagakan ng isang nilikhang napamahal na sa kanyang puso.

Hindi nakakaila sa kanyang kapatid ang lahat. Isang araw ay dumating si Tito na may dalang magandang tuta. Ibinigay sa kanya upang umano'y maging libangan niya sa mga sandali ng kanyang pangungulila kay Willie. Subali't hindi niya tinanggap.

"Ipamigay mo na sa iba," sniya. "Lalo lamang makapagpapaalaalang lagi sa akin kay Willie ang tutang iyan. Saka, ayaw kong magkaroon ng kaagaw sa aking puso ang alaala ni Willie..."

Hanggang ngayon, nananatili pa ngang sariwa sa puso ni Gloria ang alaala ni Willie, ang kanilang mabait at magandang aso — ang kanyang unang pag-ibig! (X)

Gumamit ng

Optimus

KEROSENE AMP
AIR PRESSURE

Ukol sa maaasahan at matagal na paglilingkod

Tanging Kinatawan

F. E. ZUELLIG, INC.

Manila Cebu

YCO cleans as it waxes!

YW-2-57

ELIZALDE PAINT & OIL FACTORY INC.

378 Tanduay, Manila • Tel. 3-86-71

ibat ibang Kulay sa puting tabing

ni Eddie Rañola

Hindi pa halos natatapos ang mga gawain ni Tony Santos sa "Badjao", sinimulan na niya ang pamamahala sa "Troop 11". Ayon kay Tony, pinili niyang gawin ang pelikulang ito sapagka't katulad ng "Dama Juana Gang" ay nilalabasan ng mga tinedyer. At nasisiyahan siyang gumawa na kasama ng mga kabataan.

Pinangungunahan nina Nenita Vidal at Manding Claro, kasamang nagsisilabas sa "Troop 11" sina Pugo, Vic Silayan, Hector Reyes, Gregorio Fernandez, Tony Santos, Lou Saldor, Willie Jurado, Oscar Keesee, Manuel Lagunsad, Ike Jariego, July Hidalgo, Donato Buencamino, Vic Bacani at Lito Carmelo.

Si Direktor Ramon A. Estela, nagtamo ng gantimpala ng FAMAS bilang pinakamahusay na direktor ng 1956, ay nakikipagunawaan kay Cirio H. Santiago para sa isang malaking produksiyon — ang "White Elephant".

Ayon kay Monching, eng kasaysayan ng "White Elephant" ay tungkol sa isang babaing Pilipina na napangasawa ng isang amerikanong nawala sa kagubatan ng Saigon sa paghahanap ng puting elepante. Pinaghanap ng babae ang nawalang kabiyak, at sa paghahanap ay nakatagpo ang isang mangangaso... hanggang sa ang dalawa'y umibig sa isa't isa.

Ang nakatakdang magsilabas sa "White Elephant" ay ang mga bituing nagsiganap sa "Desperado", isa sa pinakamahusay na pelikula ng taong 1956.

Si Rita Gomez ay isa sa pinakaabalang artista ngayon ng Sampaguita. Bukod sa panaying pagharap niya sa kamera ay malimit pa siyang mababad sa tubig na siyang hinihingi ng papel na ginagampanan niya sa "Diyosa".

Sa kabila ng mga hirap at pagod ni Rita, nasisiyahan naman siya at natutuwa sa pangyayari. Aniya: "Tamang-tama sa inilng panahon ang pagtatrabaho kong ito. Nakapaliligo ako sa oras-oras!"

Isang bagay lamang ang inaalaala ng mga kasamahan ni Rita. Baka, anila, magkasakit tuloy ang bituin dahil sa malimit na pagkabasa at pagkababad sa tubig. At mahirap na nga naman, kung mapulmonya.

Katambal ni Rita sa "Diyosa" ay makisig na si Ric Rodrigo, na madalas ding makapaligo nang di oras. Ang kaibhan nga lamang, hindi na pagsunod sa "script" ang gayon kundi sa sarili niya kagustuhan. Mahilig siyang talaga sa paglangoy at paliligo, kaya kusang naglulunoy siya sa ilog na kasama ni Rita. At kapuwa nasisiyahan.

Sa panahong ito ng pagkakaligaw sa landas ng maraming kabataan ay napapanahong panoorin ang isang pelikulang malapit nang itanghal, — ang "Laki sa Luyaw" ng Everlasting Pictures. Ang pelikulang ito'y naglalarawan ng magulo nguni't madula at puno ng aral na naging buhay ng isang anak na

Si Emma Alegre, tumutupad ng naiiba namang papel na katambal ni Jaime de la Rosa sa "HUKOM ROLDAN" ng LVN. Nilalabasan din ni Nenita Vidal at ng marami pang bituin, ito'y direksiyon ni Dr. Gregorio Fernandez.

Ano kaya ang nakikita ni Susan Roces sa mukha ni Eddie Arenas? Ito'y tagpo sa "TOKWATA" ng Sampaguita na siyang ikalawang direksiyon ni Rosa Mia. Kasamang nagsisitupad ng mahahalagang papel sina Aruray, Zeny Zabala, Tito Galla Cora Maceda at Aring Bautista.



Siya at...

(*Buhat sa pah. 7*)

ni Bb. Lutgarda C. Guanzon.

Pagkaraan ng apat na araw ay dumalaw si RM sa tangapan ng SWA nang walang kaabug-abog, kasama ng isa lamang tanod. Sa malumanay na tinig ay sinabi niya kay Cariaga: "Ngayong may trabaho ka na'y pag-ibayuhin mo ang pagsisikap. Magpakabait ka."

Bago umalis ay inilwanan ni RM si Cariaga ng isang tanong: "Ano ang gagawin mo upang matulungan ang ibang tao?"

Nataggpuan ni Cariaga ang sagot sa tanong na iyon sa pamamagitan ng paghahandog ng dugo sa Krus na Pula at sa mga mamamayang nangangailangan, maging kakilala o hindi. Mula noong 1954 ay mahigit nang 40 ulit na nakapaghandog siya ng dugo. Ngayon, isa siya sa pinakatanyag na mga kawani ng SWA.

Nakasulit sa serbisyo sibil tungkol sa pagpapaunlad sa mga nayon, muling dumulog si Cariaga kay RM noong Pebrero at humingi ng promosyon. Umano'y nangako sa kanya si RM na ililipat siya sa tanggapan ng Bangko Sentral sa Hulyo at tataasan ng sahod.

At nang makamatayan ni RM ang pangakong iyon, may katwirang lumuha si Cariaga, pagka't sa kanya'y "mahigit pa siya kaysa mga kamaganak ko."

Gayon man, umaasa pa rin si Cariaga na magiging malapit ang pamahalaan sa karaniwang mamamayan. Aniya: "Sana'y ipagpatuloy ng kasalukuyang Pangulo at ng susunod pang ugit sa pamahalaan ang mabubuting ginawa ng Pangulong Magsaysay hindi lamang sa akin kundi sa lahat."

Hindi maillimot ni Cariaga si RM habang nabubuhay siya. Dahil sa magandang pagkakataong ibinigay ni RM ay nakatapos siya ng apat-na-taong kurso sa Malalayang Sining sa Pamantasan ng Maynila at nagkaroon ng matatag na hanap-buhay upang matustusan ang kanyang asawa, ang mag-iisang taong anak na lalaki, at magulang at mga kapatid.

Ipinagtapat ni Cariaga na kahit nanonood siya ng sine, o ng palakasan, ay lagi niyang naaalaala si RM at ang mga kaanak nito na naging mabuti sa kanya.

Nguni't ang pagkakaugnay ni Cariaga sa buhay ni RM ay hindi pinagtiyap lamang ng kapalaran. Kay RM, si Cariaga'y isang "karaniwang tao" na kumakatawan sa malaking bahagi ng sambayanang Pilipino.

Sa talumpati noong Enero 23, 1956 ay ipinahayag ni RM ang kanyang pangarap sa "karaniwang tao".

"Sa pamamagitan ng tulong na materyal ay bibigyan natin siya ng pagkakataong magkaroon ng sariling kakayahan, kasaganaan, at kasiyahan. Sa pamamagitan ng patnubay ay pasisiglahin natin sa kanya ang mabuting ugali sa gawain, sa kanyang Pamahalaan, at sa kanyang mga kababayan."

Pagkatapos Ng...

(*Buhat sa pah. 20*)

puna-puna kung siya ay kikilos. Nguni't ang mga hayop, paano...?

Sa darating ang Birhen, na may kasamang isang babae at dalawang lalaki. Na sa anyong umiiyak ang Birhen. Sa gayong ayos ay lalong maganda si Senyang.

Bahagyang idinilat ni Serafin ang nakapikit niyang mata. Minasdan niya si Senyang na nakatingala sa kanya. — Kung ang pagluha ba niya ay dahil sa mahal niya ako napakaligaya ko na sana! — bulong ng nakapako.

Kitang-kita ni Serafin ang paglapit sa kanya ng Birhen. Sumalimbay sa kanyang isip ang iba't ibang guniguni.

Nang ibuka ni Senyang ang dalawang kamay upang yumakap sa paa ng nakapako'y paanas na nagsalita si Serafin:

—Huwag mong sasalinzin ang aking talampakan at may kiliti ako!

Napaurong si Senyang. Si Serafin nga pala ang nakapako... ang pilyong si Serafin.

Humudyat si Mang Andoy. Masisira ang takbo ng kasayasayan pag hindi yumakap si Senyang, kaya, umanyo na naman ang Birhen nang muling umanas si Hesus.

—May kiliti ako...

Subali't itinuloy na rin ni Senyang ang pagyakap sa binti ng nakapako. Dumaiti ang dibdib sa paa ni Serafin. Pumapatak ang kanyang luha.

Nanindig ang mga balahibo ni Serafin. Nanlamig ang kanyang katawan, gayong sa kanyang noo ay gumitgit ang butil-butil na pawis.

Patuloy ang pagtangis ng inang Birhen, habang si Serafin ay tinatanggal sa krus ng dalawang lalaki. Maingat siyang ibinaba. Pagsunod na rin sa hinihingi ng papel ay napilitan si Senyang na kandungin ang ulo ni Serafin. Para namang naakyat sa langit ang binata.

—Nagagalit ka pa ba? — anas ni Serafin.

—Huwag kang pasabay-sabay, —paanas ding sawlay ng dalaga.

—E, sabihin mo na... sabihin mong hindi ka na nagagalit sa akin.

—Magtigil ka sabi... —nagkuot ang loob ng dalaga, pano'y alam niyang naririnig ng mga Hudyo ang kanilang angilan.

—Maawa ka na akin, Senyang...

Sa pag-aalaala ni Senyang na mapansin pa ng mga nanonood ang pag-anas ni Serafin ay napilitan siyang sabihing pinatatawad na niya ito.

—Pinatatawad na kita, — aniya, —huwag mo na lang uulitin at baka mapatay na kita!

—Salamat... salamat, Senyang... E, paano ang aking pag-ibig? May langit bang matatamo ang aking pagsinta?

—Lumalampas ka na, Serafin, —singhal ng dalaga.

—Hindi, Senyang... ito'y katotohanan at hindi mo ako masisisi. Walang pinakamaligayang sandali sa pagtatapat ng pag-ibig kundi ang gaya ni-



Tila may ikinaligalig si Fernando Poe, Jr. sa ipinagtapat sa kanya ng matandang manghuhula! Ito'y sa "KAMAY NI KAIN" ng People's Pictures na pinamamahalaan ni Direktor Gerardo de Leon. Kasamang nagsisiganap sina Zaldy Zshornack, Edna Luna, Lily Marquez, Lety Ojera at Leonor Vergara.

pinalaki sa layaw ng kanyang mga magulang. Magaganda at puno ng aksiyon ang mga pangyayaring bumubuo ng kasaysayan at kahina-hinayang na di maparnood. Ginagampanan ito ng mga pangunahing bituin ng Everlasting na sa kasalukuya'y may mga sarili nang lumingning sa langit-langitan ng pelikulang Pilipino.

May isang mahiwagang tao sa bakuran ng LVN. Ito'y si Jose Corazon de Jesus, Jr. Si Peping, gaya ng dawag sa kanya ng mga kasamahan sa estudyo, ay malimit makitang kaumpok ng mga bata, nakikipagkuwentuhan at nakikipaglaro pa kung minsan. Madalas din siyang makitang nakikipagpulong sa mataranda at nakikipagpalitan ng kuru-kuro tungkol sa iba't ibang paksa. Hindi lamang iyan. Malimit siyang makisama sa iba-ibang uri ng tao at nagmumusisa ng kung anu-anong bagay. Ang lalong katakataka, hindi miminsang nagpapalumagak siya sa Luneta, at inaabot doon ng hatinggabi nang wala namang ginagawa kundi ang lumupasay sa damuhan.

Marami tuloy ang nagakalang baka kung ano na ang nangyayari kay Peping. Nito lamang ipaliwanag niya ang lahat lumitaw ang katotohanan. Ang mga ginagawa raw niya ay siya lamang dapat sa isang artista at manunulat na kailangang magkaroon ng malalawak na karanasan at kaalaman sa buhay. At alam na nating lahat na si Peping ay isang tunay na artista at manunulat.

May nasagap kaming bagong balita. Umano, isa pang bituin ng Sampaguita ang "masama ang tama" kay Gloria Romero at handa raw "pasagasa sa pison" kung siyang nanaisin ni Gloria.

Upang magkaroon kayo ng "clue" kung sino ang bituing tinutukoy namin, ay naito: Siya'y katambal ni Gloria sa isang pelikulang malapit nang itanghal.

Marahil ay mahuhulaan na ninyo kung sino ang bagong "Romeo."

Sina Rita at Roberto, ang bantog na mga mananayaw na hinangaan sa maraming bansa, na magpapanood ng madla sa Manila Grand Opera House simula sa ika-22 ng buwang kasalukuyan. Itatampok sila sa "A Singer Is Born", isang drama-musikal na ihahandog ng N. R. Single Promotions.

---

tong ako'y na sa kandungan mo.

Hindi na nakakibo ang birhen.

—Kaya, tapatin mo na ako. Sabihin mo na ang iyong niloob. May maaasahan ba ako, Senyang? —nagmamakaawa ang tinig ng binata.

—Saka na natin pag-usapan ang tungkol diyan...

—Nguni't kailan pa?

—Saka na...

—Sagutin mo na ngayon...

—Hiyawan ng mga nanonood. Hindi napansing ng dalawa na napalakas pala ang kanilang usapan. Hiyang-siya si Senyang. Patulak na inalis sa kandungan ang ulo ni Serafin at patakbong pumasok sa loob. Tatakbo rin sana si Serafin, nguni't naagapan kong maibaba ang telon.

Hindi na nasudlungan ang Senakulo. Ayaw na ni Senyang. Umiiyak na umuwi. Ayaw na rin ni Serafin, kaya, nauwi sa panghihinayang ang pag-asam ng mga tao na mapanood ang magandang wakas.

Ilang araw lamang ang nakalipas buhat noon ay isinama ako ng ama ni Serafin. May dala kaming ilang bote ng alak na marka-Demonyo. Nagtungo kami kina Senyang.

At alam ba ninyo ang nangyari? Pagkaraan ng tatlong ulit naming pagtungo sa bahay ng dalaga ay nalutas din ang suliranin. Ang sama nga lamang ay ako pa ang napiling ninong. Kaya hayan... dahil sa malaki ang handa ay lakad ako ngayon nang lakad. Nagdidilihensiya ng maipagmamagara sa aking mga panakin... (X)

—oOo—

Buhat Sa Mga...

(Buhat sa pah. 4)

hakbang na iyan ay hindi maaaring makatakot sa akin, manapa'y lalo akong magkakaroon ng matwid sa nasabi ko na sa sinapupunan ng mayorya ay may mga taong maibigin sa pagtatago ng lihim o ng kawalang katapatan sa pangakong ang pamahalaan ay pangangalagaan nila laban sa ano mang karumihan."

Karaniwan sa isang tao ang pumuna at mapuna. Ang namumuna at ang napupuna ay kapuwa nagpapalagay na sila ang na sa katwiran. Kung sino sa kanila ang makapagpaniwala sa ikatlong tauhan ay siyang may "tunay na katwiran."

—oOo—

Mga Liham at ...

(Buhat sa pah. 19)

man ang umibig, maliban na lamang kung gagawa kayo kapuwa ng mga bagay na hindi marapat. Isa pa, sa ganang palagay ko ay hindi sapat na dahilan ang karalitaan upang makahadlang sa itinitibok ng iyong puso. Ang pagtanggi ng iyong mga magulang na magpatuloy ka ng pakikipag-ibigan sa iyong kasintahan ay waring may sapat na dahilan.

Ang maipapayo ko ay maghintay ka pa ng ilang panahon pagka't maaaring magbago pa kapuwa ang isip ninyong dalawa dahilan sa napakabata mo pa upang mag-isip ng tungkol sa pag-ibig. Samantala, kung makapaghihintay ang iyong kasintahan hanggang sa datnin mo ang hustong gulang, sino ang makapagsasabi, maaaring pati ang mga magulang mo ay magbago ng kanilang pasiya hinggil sa iyong kasintahan lalo't kung mapagkilala nila ang katapatan sa iyo. — MARISSA.

Kung hindi makapagsipilyo matapos kumain
Sapat na ang Minsang Pagsisipilyo ng

COLGATE DENTAL CREAM

✓ Laban sa Pagkabulok ng Ngipin sa *Maghapon!*
✓ Pinapawi ang Masamang Hininga *Agad-agad!*
✓ Pinananatiling *Maganda't Malinis* ang Ngipin!



may GARDOL*

* Colgate's Trade-Mark For Sodium N Lauroyl Sarcosinate

itinatagubilin ng PHILIPPINE DENTAL ASSOCIATION

PINABABANGO ANG INYONG HININGA
HABANG NILILINIS ANG INYONG NGIPIN!



SUSAN ROCES

Bituin ng Sampaguita Pictures